**NEKROPOLIS**

*"I slep and went to the city:*
*everything was burning,*
*crackling of bamboo,*
*mouth dry, suddenly puckering.*
*I dreamt and returned to the city.*
*But it wasn't the city anymore.*
*They were all dead, the medical examiner was*
*checking the tags on the corpses.*
*The medical examiner himself died years ago*
*but his hand continued implacably.*
*The awful stench was everywhere."*
-- mula sa *"Motionless Faces,"* Carlos Drummond de Andrade (salin ni Mark Strand)

*"Don't sing about your city, leave it in peace.*
*Song is not the movement of machines or the secret of houses.*
*It is not music heard in passing, noise of the sea in streets that*
*skirt the borders of foam.*
*Song is not nature*
*or men in society.*
*Rain and night, fatigue and hope, mean nothing to it.*
*Poetry (you don't get it from things)*
*leaves our subject and object.*

*Don't dramatize, don't invoke,*
*don't question, don't waste time lying.*
*Don't get upset.*
*Your ivory yacht, your diamond shoe,*
*your mazurkas and tirades, your family skeletons,*
*all of them worthless, disappear in the curve of time"*
-- mula sa *"Looking for Poetry,"* Carlos Drummond de Andrade (salin ni Mark Strand)

**BUOD**

Ang Lungsod -- na maaaring nasa Filipinas, maaaring hindi -- ay nasa bingit ng digmang-bayan.

May sampung tauhan -- isang urban planner, dalawang estrangherong nagkakilala sa tulay, isang kolehiyala, isang pusher, isang sikologo at kaniyang assistant, dalawang magkapatid na tumakas ng kulto, at isang Kristyana -- ang nagtatangkang makalaya at maghanap ng saysay at kaligtasan. Habang bumabalot ang sindak dulot ng walang-katapusang gera kontra droga, ng taggutom, tagsalat, at ng napipintong apokalipsis (literal man o hindi), ang tanging paraan upang huwag silang mabulid kasama ng gumuguhong lungsod ay droga, pakikipagtalik, at pagdaing sa Diyos. Tinatangka ng Nekropolis harayahin ang isang kinabukasan -- pagguho ng Lungsod na baka magbunga ng alaala at muling pagkabuhay.

**MGA TAUHAN**

*(ayon sa pagkakasunod-sunod ng paglabas)*

MIGGS (40s)

ALEX 1 (30s)

ALEX 2 (20s), *tukayo niya*

CLAIRE (20s), *genderqueer*

KARINA (20s)

*Isang* SIKOLOGO (50s)

INARA (20s)

IGNATIUS (30s)

CHARLOTTE (40s)

KAIBIGAN *ni Charlotte* (40s)

LUMEN (20s)

KAESKUWELA *ni Claire* (20s)

ANG KAPITANA (40s)

*Isang* KASIPING *ni Alex 1 (20s)*

*Isang Attendant sa Rehabilitation, Mga Katawang Lalaking Nagsasayawan, Taumbayan*

**LUNAN AT PANAHON**

Sa isang di-tukoy na modernong lungsod, maaaring sa Pilipinas, maaaring hindi.

Sa di-nalalayong kinabukasan.

**ILANG PABATID**

‘Pag may bantas na pahilis (/), hudyat ito upang magsimula ang susunod na linya.

Sa iksrip na ito, **may kahulugan ang format at spacing**: Ipinahihiwatig ng mga espasyo sa pagitan ng mga salita ang sukat ng oras para sa patlang, paghinto, katahimikan. ‘Pag walang mga laktaw, normal at may angking-bilis ang pananalita (at isipan) ng tauhan. Kapag may pangalan ng tauhang HINDI sinusundan ng linya, hudyat ito na KATAHIMIKAN ang magsisilbi nilang linya.

Sa pangkalahatan: Ang mga stage direction ay di-laging literal; mas imahen kaysa pangyayari; mas pahiwatig kaysa panuto. Ikondisyon ang mga manonood na makita ang hindi kayang ipakita ng teatro.

## 1. ANG LUNGSOD

*Nakatanaw si MIGGS sa Lungsod mula sa Tore (ang "Triumph Tower").*
*Lahat ng sinasabi niya, mga pinaliliwanag niya, maaaring lumitaw sa entablado.*

**MIGGS**
Ano'ng mararamdaman mo kung may mahiwagang pinto, na parang wormhole sa space-time, 'pag pumasok ka, lulusot ka pabalik sa same room but through the other side, tapos paglabas mo, bilang yung younger self mo na?

Ewan ko ba't ko naiisip 'yon.

May konek din siguro sa trabaho ko. Recently sumali ako sa isang private firm na urban planning. Very innovative, ine-envision ang future ng lungsod na 'to, environmentally and architecturally speaking.

Gano'n din kasi 'yung lungsod e. Sa laki, sa pagka-varied, halos parang punit sa space-time ang isang lungsod, magkasabay na nag-e-exist sa iisang plane ang noon at ngayon, parehas nakatingin sa posibilidad ng bukas. Halimbawa: state-of-the-art factory malapit sa museum na itinayo noong 60s. Isang bantayog ng gera n'ung World War 2; katabi n'un, bagong-tayong mall. Ang business district at lokasiyon ng city hall, ang Mariposa District –

*Masisiwalat sa harap natin ang Mariposa District – huwaran ng modernidad, utopya ng progreso.*

– hanggang ngayon tuloy-tuloy ang construction ng mga bagong gusali. Ngunit sa labas nito, nakapalibot – ang Projects – mga kalansay na tenement housing na pinatayo n'ung 70s.

*Tatanawin ni Miggs ang Lungsod sa kaniyang paligid.*

Ang mga halu-halong sangkap ng Lungsod – graba, kahoy, bakal – at panahon.

'Yun yata ang totoong ibig sabihin ng salitang 'Utopia' e. Sa Greek, "U" tsaka "Topos" -- yung "topos" ibig sabihin lugar, o place. 'Yung "u", ibig sabihin 'not' -- so Utopia -- "not a place."

Hindi ito lugar.
Panahon ito.

Imposibleng panahon.

‘Pag subukan mong pag-isipan ang panahon – sa iisang direksiyon ka lang naman tatangayin ng thought river na ‘yan e – Sa Wakas.

Malapit na akong magwakas. Malapit na maubos ang abstract ideas ko. Malapit ko nang harapin ang katotohanan. Na wala akong kasama sa buhay, na may sakit ako sa isip, na wala akong kuwenta. Na pangit ako. At dapat na ‘kong mamatay.

At malapit na ring magunaw ang Lungsod na ‘to.

Ayan na si younger self, lumitaw galing sa punit sa space-time.

Di ko pala younger self ‘yun.

‘Yun pala si Kamatayan.

## 2 . TOTOONG PANGALAN

*Si ALEX 1 at si ALEX 2, magtatagpo sa ilalim ng tulay.*
*Nakamaskara sila pareho.*

**ALEX 1**
George?

**ALEX 2**
Oo. – Mark?

**ALEX 1**
Oo.

**ALEX 2**

Lugar mo?

**ALEX 1**
Di puwede.

**ALEX 2**
Motel?

**ALEX 1**
Teka.

**ALEX 2**
Ano?

**ALEX 1**
Usap muna tayo.

**ALEX 2**
Sige.

Dito?

*Sa malayo – barilan. Di malinaw kung mapapansin ito ng dalawa, o hindi.*

Sa ilalim ng tulay talaga?

**ALEX 1**
Bakit?

**ALEX 2**
Bakit dito tayo nag-meet?

Muntik na ‘kong di / sumipot.

**ALEX 1**
Discreet ako e /

**ALEX 2**
Ako rin /

**ALEX 1**
First time ko.

**ALEX 2**

Na–? /

**ALEX 1**
Mag-meet up.

Usap. Tanong ka.

**ALEX 2**

Tagasa'n ka?

**ALEX 1**
Projects. Ikaw?

**ALEX 2**

Mariposa.

**ALEX 1**
Wow.

**ALEX 2**
De. Labas lang.
Government housing.

**ALEX 1**
Gobyerno ka?

**ALEX 2**
City hall.

**ALEX 1**
Wow.

**ALEX 2**
Ikaw?

*Putukan uli.*

**ALEX 1**

Di ba sexist ang Mayor?

**ALEX 2**

O, tapos?

**ALEX 1**

Sanay ka na ‘no?

**ALEX 2**
Di rin. Pangalawang beses ko pa lang.

**ALEX 1**
O?

**ALEX 2**
Oo.
*(Magtatanggal ng maskara.)*
Puwedeng makita face mo?

**ALEX 1**
*(magtatanggal din ng maskara)*

**ALEX 2**
*(titingnan ang mukha ni ALEX 1)*

Kabado ka?

**ALEX 1**
Siyempre. Ikaw ba, hindi?

**ALEX 2**
Siyempre, oo.
Kasama ‘yon.
Adrenaline.

Ba’t ka kinakabahan?

*Putukan.*

**ALEX 1**
Ha?

**ALEX 2**
Ba’t ka kinakabahan?

**ALEX 1**
Siyempre

**ALEX 2**

Ano?

*Barilan.*

**ALEX 1**

**ALEX 2**
*(lalapit)*

**ALEX 1**
Teka.

Kabado talaga ako.

*Barilan.*

**ALEX 2**
Saan?

**ALEX 1**
Sa ‘yo
Sa ‘kin
Sa pulis
Sa barilan/

**ALEX 2**
Kaaway ka ba / ng bayan?

**ALEX 1**
Hindi. Hindi. /

**ALEX 2**
*(lalapit)*/

**ALEX 1**
Teka.

Please.

**ALEX 2**

tangina

**ALEX 1**
Araw-araw, paggising ko sa umaga, kabado na ‘ko.

*Barilan.*

**ALEX 2**
Bakit?

Kaaway ka ba ng / bayan?

**ALEX 1**
Pagkagising na pagkagising ko sa umaga, didiretso akong banyo. Bago pa umihi, sumusuka na ‘ko. Nasusuka ako ngayon. Sa kaba.

**ALEX 2**
Baka nandidiri ka sa ‘kin?

**ALEX 1**
Hindi Hindi
Gusto nga kita.

**ALEX 2**
Kaaway ka ba ng / bayan?

**ALEX 1**
Hindi. Nagluluksa ako. Nanay. Kanser.

Halikan mo 'ko. –

Teka /

*Barilan.*
*Susuka si ALEX 1.*

Sorry.
Nakakawalang-gana ba? /

**ALEX 2**
Hindi.

Takot ka.
Nakakalibog ang takot.
'Yung walang pagkukunwari.
'Yung halatang kabadong-kabado.
Nasusuka sa takot.

*Barilan.*

**ALEX 1**
Kanina pa sila.

*Barilan.*

**ALEX 2**
Nililinis na ang Lungsod.

Marami akong tato.

**ALEX 1**
Miyembro ka pala. N'ung gang ni Mayor /

**ALEX 2**

Di kami gang /

**ALEX 1**
Ay, sorry /

**ALEX 2**
Mahal ko ang bayan.

**ALEX 1**

**ALEX 2**
Matagal pa ba? Gusto ko na, e.

**ALEX 1**
Saglit na lang.
Please?

**ALEX 2**

*Katahimikan.*

**ALEX 1**
Kahapon, pagkatapos mamatay ang inay, gustong-gusto kong makipag-sex.
Di pa ‘ko nakikipagtalik.
Sa kapuwa-lalaki.
Wala akong ibang ginawa sa buhay kundi alagaan ang inay.
E wala na siya.

Kahapon, pumunta ‘ko sa masahihan –
Magpapamasahe dapat pero natakot ako
So,
Nanood na lang ako. Sa labas. Inaabangan ko lumabas yung mga customer. Sapat na sa ‘kin makita –

*Barilan.*

– 'yung mukha nila pagkatapos – masaya. Nakaraos.

Bigla, may dalawang bakla na nakainom, nagpatugtog ng music sa cellphone. Sa ilalim –

*Barilan.*

– ng neon na ilaw ng pangalan ng spa, nagsayaw sila.

Nagalit ako.

**ALEX 2**
Bakit?

**ALEX 1**
Bakit ako nagtatago sa anino ng pekeng liwanag? Bakit wala ako sa liwanag ng araw?

**ALEX 2**
Kung gusto mo, puwede na.

**ALEX 1**
Ang gusto ko

pano'rin akong kumantot ng buong Lungsod.

**ALEX 2**

Gusto mo 'kong makitang hubad? Ang mga tato ko?

**ALEX 1**

Oo.

*Maghuhubad ng pang-itaas si ALEX 2 - tadtad siya ng mga tato.*

**ALEX 2**
Mahal na mahal ko ang bayan.
*(hahawakan ang kamay ni ALEX 1 at akma itong dadalhin palabas ng ilalim ng tulay)*

**ALEX 1**
*(hihinto)*
Ano'ng totoo mong pangalan? Alam kong hindi ka George.

**ALEX 2**
Ako si Alex. /

**ALEX 1**
Putang ina.

**ALEX 2**
Bakit?

**ALEX 1**

Alex din totoo kong pangalan.

*Katahimikan.*

*Barilan.*

Pinapatay nila lahat.

**ALEX 2**
Kung di ka kaway ng bayan wala kang dapat problemahin.

**ALEX 1**
Nakakatakot.

Isayaw mo ‘ko, please?

**ALEX 2**

*Sasayaw sila nang marahan.*

*Nagbabarilan sa kalayuan.*

## 3. NEKRO

*Si CLAIRE, isang genderqueer, nagsusukat ng damit sa tapat ng salamin. Nagpapatugtog siya ng music sa kaniyang laptop.*
*Pagkuwan, may kakatok sa pinto. Pagbubuksan niya ito.*
*Si KARINA, kapitbahay niya. May-dala itong notebook at bolpen.*
*(Sa labas – barilan.)*
*Sa doorway:*

**CLAIRE**
O? Hi /

**KARINA**
Hi /

**CLAIRE**
Ano meron? /

**KARINA**
Wala /

**CLAIRE**
O.

**KARINA**

Puwede pumasok?

**CLAIRE**

Oo ba.

*Papasok sila sa kuwarto. Uupo agad si KARINA, bubuklatin ang notebook at magdodrowing/magsusulat.*

Okay ka lang? /

**KARINA**
Oo.

*Titigil sa pagsusulat/pagdodrowing si KARINA. Agad ipipinid ang notebook. Nanginginig.*

**CLAIRE**

Ba't ka nanginginig?

**KARINA**
Wala 'to.

*(di-makapagpigil, magdodrowing/magsusulat si KARINA sa buong eksena)*

**CLAIRE**

Kamusta ka?

**KARINA**
Okay ako. Di lang makatulog. Lumaklak ako ng tatlong mug ng tsaa.

**CLAIRE**
Tsaa lang naman / ‘yon.

**KARINA**
Oo nga. Isipin mo na lang pa’no pa ‘pag nagkape ako. Buti wala na.

**CLAIRE**
Tatlong araw na walang nagbebenta ng kape.

**KARINA**

Thank you nga pala kagabi.

**CLAIRE**
Bakit?

**KARINA**
N’ung kumatok ka sa ‘kin last / night

**CLAIRE**
Ah, sorry sa abala, nagloko kasi ‘yung tubig sa shower kaya naisip ko, naputulan ba ‘ko ng tubig o may-sira talaga sa building / natin

**KARINA**
Hindi, okay nga e, salamat
nasalba mo ‘ko.

**CLAIRE**
Saan?

**KARINA**

Di ba, may lalaking lumabas ka’gad n’ung pinagbuksan kita?

**CLAIRE**
A.
Boyfriend mo?

**KARINA**
Hindi a.
Hindi ako straight.

**CLAIRE**
A. sorry.
Ako rin, obviously.

**KARINA**

Hindi ko boyfriend ‘yon.

**CLAIRE**
Sino ‘yon?

**KARINA**

Buyer.

**CLAIRE**
Ng?

**KARINA**

Parang may masamang balak kagabi e.

Either gagalawin ako, or nanakawan ako. Or both.

**CLAIRE**
Buyer ba siya ng ano? Ano'ng sine-sell mo?

*Sa labas – barilan.*

Grabe.

Sabi sa unofficial reports, higit 2,000 na raw ang napatay.

*Mapapahinto si KARINA sa pagdrowing.*
*Tatanaw sa labas ng bintana.*
*Barilan sa labas, sa malayo at sa di-kalayuan.*

*Babalik si KARINA sa pagdodrowing.*

Ano ba'ng dinodrowing mo?

**KARINA**
Wala.

**CLAIRE**
Or nagsusulat ka ba?

**KARINA**
Halo.
May condition kasi / ako.

**CLAIRE**
Ano nga ba name mo / uli?

**KARINA**
Karina.

**CLAIRE**

Ako si /

**KARINA**
Claire. I remember.

**CLAIRE**

Ano'ng condition sabi mo?

**KARINA**

Temporal lobe epilepsy na nagko-cause ng hypergraphia.

**CLAIRE**
Ano / 'yon?

**KARINA**
Di ko mapigilan sarili ko magsulat or magdrowing.

**CLAIRE**
Oh, wow.

**KARINA**
I just wanted to thank you.

Siguro patay na ‘ko if hindi ka kumatok. Alam mo naman ‘tong lugar na ‘to.

**CLAIRE**
Sino ba siya? Ano’ng gusto niya sa ‘yo?

**KARINA**

**CLAIRE**

**KARINA**

**CLAIRE**

**KARINA**
Hindi mo ‘ko huhusgahan?

**CLAIRE**
*(iiling)*

**KARINA**
Pusher ako.

**CLAIRE**

Kaaway ng bayan.

**KARINA**

Ire-report mo ba ‘ko?

**CLAIRE**

Para kang gago.
*(iiling)*

**KARINA**

Kahapon ko pa utang sa ‘yo ang buhay ko.

**CLAIRE**

Ano’ng binebenta mo?

**KARINA**
Bago. Psychedelic na may morphine. Naka-try ka na?

**CLAIRE**
*(Iiling)*

**KARINA**
Good. ‘Wag na.

**CLAIRE**

Mahal?

**KARINA**
Mura lang. Ito na'ng papalit sa shabu. Masyado nang tsipangga 'yon. Malalaos na.

**CLAIRE**
Gumagamit ka?

**KARINA**
N'ung simula. Hindi na ngayon. Benta na lang. Pramis.

**CLAIRE**
So 'yung mamà kagabi, kostomer mo?

**KARINA**
Oo.

**CLAIRE**
Tangina, nakakatakot.

**KARINA**
Oo.

**CLAIRE**

Ba't di mo tigilan?

**KARINA**

**CLAIRE**
Gusto mo bang mamatay?

**KARINA**
Di ako mayaman gaya mo /

**CLAIRE**
Di ako mayaman, di ako nakatira sa Mariposa /

**KARINA**
Pero di ka kriminal /

**CLAIRE**
O, so? /

**KARINA**
Mayaman ka. Kaya mong mabuhay nang di-gumagawa ng ilegal. Mayaman ka.

Di mo ‘ko ire-report?

**CLAIRE**
Sasaktan mo ba ‘ko?

**KARINA**
Mukha bang…?
Ba’t di mo ‘ko ire-report?

**CLAIRE**

‘Yung putang inang dean namin, palibhasa Jesus-Jesus, sobrang conservative Christian, ‘yung tipong naniniwala na masusunog sa impyerno ang mga bakla, nag-discriminate laban sa prof ko sa Psych, trans woman kasi siya, tinanggal niya sa trabaho.

**KARINA**

Sa’n ka nag-aaral?

**CLAIRE**
Diyan sa City College.

**KARINA**
Tibak ka?

**CLAIRE**
Pa’no mo nasabi?

**KARINA**
Lahat kayong taga-City College, tibak. Marami akong kostomer galing sa school mo.

**CLAIRE**
Ha ha!
Ikaw ba, nag-aaral?

**KARINA**
Nag-stop ako.

**CLAIRE**
Bakit?

**KARINA**
Mahirap nga ako.
Di tulad mo.

**CLAIRE**
*(dededmahin ang tuya)*
Ayoko sa state control. Sa Portugal, decriminalized ang drugs. Alam mo resulta? Bumaba pa ang drug use sa kanila.

**KARINA**
Pangarap kong mag-ibang-bansa. Tumakas mula rito. Pantasya na lang ‘yon, imposibleng mangyari –

*Nagbabarilan pa rin sa labas.*

**CLAIRE**
Malay mo, balang-araw.
Ako rin, may imposibleng pantasya.

Maging intersex.

**KARINA**
Ha?

**CLAIRE**
Na may dalawa akong sexual organs, both male and female.

**KARINA**

Para sa akin, ang titi, destructive. Mapanghimasok. Mapanganib.

**CLAIRE**

Agree.

May parte ng sarili ko na punong-puno ng galit, galit sa mundo,
sa lugar na ‘to,
sa lahat.
Sa sarili ko.

‘Yung parteng ‘yon, mapangwasak.
Titi.

Sa fantasy ko, intersex ako, at tumatakbo ako sa pasilyo ng eskuwelahan, hubo’t hubad, ngipin at kuko, winawarat ko ang lahat ng konserbatibo at mahilig mang-opres. Hanggang magbatis ang dugo, pumula ang lahat, hanggang sa putang inang dean’s office sa fourth floor. At ako ang nasa frontlines ng gera, at wala akong kakampi, dahil ako lang naman ang nag-iisang intersex sa buong daigdig.

Kaaway na ‘ko ng bayan, gaya mo.

HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA
HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA
HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA HA
HA HA HA HA HA HA HA HA HA!

*Huhupa ang pagtawa ni CLAIRE. Si KARINA, nagsusulat, hindi tumatawa.*

**KARINA**
Sinulat ko lahat ng sinabi mo.

**CLAIRE**

Burahin mo ‘yan.

Biro lang ‘yon.

Hindi gano’n kadilim ang mundo.

Dahil may isa pang bahagi ko na punong-puno ng pagmamahal.
Ng pag-asa.
Ng liwanag.
Kaya kong i-feminize ang aking titing galit.

For now, kikilalanin ko muna ‘yon, gagamitin ko –
Ang galit.

Sabi nga ng prof ko sa anthropology, “Even our anger is a cultural heritage.”

**KARINA**
Gusto mong iguhit kita?

**CLAIRE**
Ngayon na?

**KARINA**
K'elan pa?

**CLAIRE**
Sige.
*(magpo-pose sa upuan)*

**KARINA**
Hindi.

Ikaw.

'Yung ikaw talaga.

*Maghuhubad si CLAIRE. Iguguhit siya ni KARINA.*

Bilang intersex.

**CLAIRE**
*(tatango)*

Yung binebenta mong droga /

**KARINA**
Nekro. Nekro ang pangalan.

Bili ka?

**4. AKELDAMA**

*Sa kuwarto sa isang rehabilitation center.*
*May mesa at tatlong upuan, dalawa sa isang panig, isa sa kabila.*
*Magkatabi sa isang panig ang SIKOLOGO at si INARA.*
*Abala si INARA sa kaniyang notebook, hinahataw ang bolpen sa papel, may ritmo.*

**SIKOLOGO**

**INARA**

**SIKOLOGO**

**INARA**

**SIKOLOGO**

**INARA**

**SIKOLOGO**

O, ano'ng meron sa 'yo?

**INARA**
Wala, dok./

**SIKOLOGO**
“Wala, dok.”
Baduy a.
Ano nga?

**INARA**
*(titigil sa pagpaltak ng bolpen sa kuwaderno)*

Kabado.

**SIKOLOGO**
Parang nga. Iba ang energy mo.
Ba’t ka kabado?

**INARA**

First case /

**SIKOLOGO**
Ep ep / ep ep ep

**INARA**
Sorry /

**SIKOLOGO**
Anong case? Hindi ‘to / case.

**INARA**
Yes, sorry, I know.

**SIKOLOGO**
‘Yung pag-unawa, pag-analisa, mamaya na. Habang kaharap mo ang subject, tao ‘yan.
**INARA**
Yes sir.

**SIKOLOGO**
Kukumustahin lang natin. Di ba?

**INARA**

Yes sir.

**SIKOLOGO**
Very good.

So, bakit ka kabado?

**INARA**

Hindi na.

**SIKOLOGO**
No. Kabado ka.
Bakit?

**INARA**
Because…

I was prepping myself to face a case, and I totally forgot about our framework na hindi dapat sila nilu-look upon bilang case. Tao sila.

Kaya ako kinabahan, sir.

**SIKOLOGO**
Good. It's okay, you're reframing. Ganyan din ako.
We acknowledge, then we learn. Correct?

**INARA**
Yes, sir.

**SIKOLOGO**
Good.

I think you're ready.

Are you?

**INARA**
Yes, sir.

**SIKOLOGO**
Atta girl.

*May dalawang papasok sa kuwarto – isang Attendant, at isang lalaki – si IGNATIUS.*
*Aakayin ng Attendant si IGNATIUS na maupo sa natitirang upuan.*
*Magpapasalamat ang SIKOLOGO sa Attendant bago ito lumabas.*

**SIKOLOGO**
Magandang hapon.

**IGNATIUS**
*(tatango)*

**SIKOLOGO**
Ako si Dr. Menggi Suarez. Ito si Ms. Inara Lapuz, ang aking research assistant.
Maraming salamat at pumayag kang makausap kami.

**IGNATIUS**
*(tatango)*

**SIKOLOGO**
Kumusta ka?

**IGNATIUS**

opo

**SIKOLOGO**
Kumusta ang pakiramdam mo?

**IGNATIUS**

opo
*(tatango)*

**SIKOLOGO**
Mabuti naman?

**IGNATIUS**
*(tatango)*

**SIKOLOGO**
Okay.
De magsimula na tayo.
May mga itatanong ako, tungkol sa pinagdaan mo at ng iyong sister sa pinanggalingan ni'yong samahan, ang Incarnates of the Word Fellowship. Baka may  mga tanong ako na baka makapagpaalala sa 'yo ng mga hindi kagandahang bagay, at 'pag nagkagano'n, hindi mo naman kailangang sagutin, ano? Kumbaga, kontrolado mo ito every step of the way. Hindi ka pinupuwersang sumagot. Gusto ka lang naman naming kumustahin.

Okay ba 'yon?

**IGNATIUS**
*(tatango)*

**SIKOLOGO**
Okay.
Salamat.
Sige, magrerekord kami, ha?

Inara, you can start the recording.

*Susunod si Inara.*

O sige, puwede ka bang magpakilala?

**IGNATIUS**

mmm

Ako po si Ignatius. Wala po kaming family name. Ignatius Child of God ang tawagan sa amin sa camp.

**SIKOLOGO**
Hmhm.
Edad?

**IGNATIUS**
*(magkikibit-balikat)*

**SIKOLOGO**
Di mo alam ang edad mo?

**IGNATIUS**
*(iiling)*

Levels of wisdom po sa amin.

mula sa pinaka-spiritually immature, hanggang sa ascendant master

si Mahal na Amang Salvador lang po ‘yon. /

**SIKOLOGO**
Ang head priest ninyo?

**IGNATIUS**
Opo.

**SIKOLOGO**
Ikaw?

**IGNATIUS**
Aurantius – mababa pa lang po.

**SIKOLOGO**
Ang sister mo?

**IGNATIUS**
Pinakamababa.

**SIKOLOGO**
Okay.

**INARA**

**SIKOLGO**
So, puwede ko ba diretsuhin 'yung tanong? –
Bakit kayo tumakas ng sister mo?

**IGNATIUS**

Kasi,

nakerubin po kasi si Lumen /

**SIKOLOGO**
Naano?

**IGNATIUS**
Nakerubin po.

**SIKOLOGO**
'Yung anghel?

**IGNATIUS**
Henesis tres bente-kuwatro:

“Anopa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga Querubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang ingatan ang daang patungo sa kahoy ng buhay.”

**SIKOLOGO**

Ano’ng ibig sabihin n’un?

**IGNATIUS**

Pinagbabawal na po si Lumen sa samahan kasi may ginawa raw siyang karumal-dumal, na kasinsama ng ginawa ni Eba sa hardin.

**SIKOLOGO**
Ano raw ang ginawa niya?

**INARA**

**IGNATIUS**

**SIKOLOGO**
Mahirap pag-usapan?

**IGNATIUS**
*(tatango)*

**SIKOLOGO**

Okay.

So, ‘pag pinagbawalan ka na – ‘pag ‘nakerubin’ ka – ano’ng gagawin sa ‘yo?

**IGNATIUS**
Sa thirteenth floor po n’ung camp namin, bawal po do’n pumasok e. Ang tawag po namin do’n, Akeldama, kung sa’n po nagpakamatay si Hudas. /

**SIKOLOGO**
Okay. /

**IGNATIUS**
Si Lumen, do’n daw paparusahan.

**SIKOLOGO**
Paano?

**IGNATIUS**

Kung pa’no ‘yung ginawa ni Hudas sa Akeldama.

**SIKOLOGO**

Magbibigti?

**IGNATIUS**
*(tatango)*

**INARA**
*(hihinga nang malalim)*

**SIKOLOGO**
*(titingin kay INARA)*

*(ibabalik ang pansin kay IGNATIUS)*

So tumakas kayo kasi siyempre ayaw ni'yo mangyari 'yon kay Lumen?

**IGNATIUS**
Opo.

**SIKOLOGO**
Tinakas mo ang kapatid mo para iligtas siya?

**IGNATIUS**
*(tatango)*

**SIKOLOGO**
Ang tapang mo pala 'no? Mahal mo ang kapatid mo?

**IGNATIUS**
Opo.
Mahal ko po.

**SIKOLOGO**
E ang parents ni'yo?

**IGNATIUS**

Isa lang magulang namin, si Mahal na Amang Badong, ang Bibig at Huling Propeta ng Diyos.

**SIKOLOGO**
Naniniwala ka pa rin kay Amang Badong?

**IGNATIUS**
*(tatango)*

**SIKOLOGO**
Ano ngayong nararamdaman mo, ngayong nakatakas na kayo?

**IGNATIUS**

Takot po.

**SIKOLOGO**
Saan?

**IGNATIUS**

Dito po.

Sa mundo ni'yo.

**SIKOLOGO**

Sa amin ba, takot ka?

**IGNATIUS**

**INARA**

**IGNATIUS**
*(tatango)*

**SIKOLOGO**
Bakit?

**IGNATIUS**

*(magkikibit-balikat)*

**SIKOLOGO**

Ilang araw kayo sa siyudad bago kayo dinala rito sa center?

**IGNATIUS**
Tatlo.

**SIKOLOGO**
O, kamusta? Ano'ng naranasan ni'yo?

**IGNATIUS**

Totoo po ang nasa Bibliya.

Apokalipsis na po.

**SIKOLOGO**
Bakit?

**IGNATIUS**
Totoo po ‘yung sinabi ng mga pastor na sa loob ng camp, ang turo po, ang sinisigaw po namin *Kabutihan*, pero dito po sa labas, puro *Kasamaan* po.

**SIKOLOGO**
Pero, kaya ka nga tumakas di ba, dahil masama rin sa loob?

**IGNATIUS**
*(tatango)*

**SIKOLOGO**
Parehong masama sa loob at labas?

**IGNATIUS**
*(tatango)*

Maingay po dito.

**SIKOLOGO**
Mga sasakyan. ‘Yung tren?

**IGNATIUS**
*(tatango)*

Tsaka yung bumubulong.
Sa tenga ni Lumen.

**SIKOLOGO**

**INARA**

**SIKOLGO**
Ano daw sinasabi sa kaniya?

**IGNATIUS**
*(magkikibit-balikat)*

**SIKOLOGO**
Sa ‘yo, may bumubulong ba?

**IGNATIUS**
Meron.

**SIKOLOGO**
Ano’ng sabi sa ‘yo?

**IGNATIUS**
Na sumunod ako.

**SIKOLOGO**
Ano’ng pinagagawa? /

**IGNATIUS**
Tumakas ulit.

**SIKOLOGO**
Bakit daw?

**IGNATIUS**
Kasi sasaktan kaming magkapatid.

**SIKOLOGO**
Nino?

**IGNATIUS**
*(tititig lang sa sikologo)*

**SIKOLOGO**

Sa'n kayo tatakas?

**IGNATIUS**
Kung sa'n puwede ko ituloy 'yung pangangaral kay Lumen.
Di pa siya nagpapasakop e.

**SIKOLOGO**
Kailangan niya magpasakop?

**IGNATIUS**
Opo.
Kailangan ko siya protektahan.

**SIKOLOGO**
Bakit?

**SIKOLOGO**
Di ba may sarili siyang buhay?

**IGNATIUS**
*(iiling)*
Wala kaming sariling buhay.

**SIKOLOGO**
Kanino ang buhay mo? /

**IGNATIUS**
Kay Lumen.

**INARA**

**SIKOLOGO**
E ‘yung buhay niya / kanino?

**IGNATIUS**
Sa akin.

**INARA**

**SIKOLOGO**

Bakit?

**IGNATIUS**
Napanaginipan ko po.

Na magkakambal daw ang kaluluwa namin sa mata ng Ama. ‘Pag maghiwalay daw ang kaluluwa namin,
mag-aapokalipsis.

Masusunog kayong lahat.

Lahat kayo.

*(sa SIKOLOGO)*
Ikaw.

*(kay INARA)*
Ikaw.

**INARA**

sir, may I be / excused?

**SIKOLOGO**
Yes. We can pause here.

**IGNATIUS**

*Lalabas si INARA.*
*Maiiwang magkatinginan ang SIKOLOGO at si IGNATIUS.*

## 5. THE MORE YOU HATE THE MORE YOU LOVE

*Sa isang charity feeding program. Umaga. Ang handa: palugaw.*
*Natokang magsilbi ng lugaw ang dalawang babae, nasa 40s pareho –*
*Si CHARLOTTE at ang kaniyang KAIBIGAN.*
*Mahaba ang pila, mabilis silang naghahain at nag-aabot ng mangkok, pero tuloy lang sila sa usapan.*

**KAIBIGAN**
So sabi ko sa kaniya, e di sige, maghanap ka ng iba diyan.

**CHARLOTTE**
Ano?

**KAIBIGAN**
Oo. Basta walang feelings, ha? Kumbaga, parausan lang.

**CHARLOTTE**
Grabe.

**KAIBIGAN**
Naku, wala sa akin 'yun. E miss na miss na raw niya ako, o e di gano'n.

**CHARLOTTE**
Natikman mo ang lugaw?

**KAIBIGAN**
Hindi, bakit?

**CHARLOTTE**
Matabang.

**KAIBIGAN**
E sa walang gisado. Tubig lang at patis. Wala nang supply ng bawang at sibuyas sa palengke.

**CHARLOTTE**
Wala na ring manok.

**KAIBIGAN**
M’eron, pero maanggo.

**CHARLOTTE**
Ano ba’ng nangyayari?

**KAIBIGAN**
Ay ewan.

**CHARLOTTE**
Pero –
Di ka magseselos?

**KAIBIGAN**
Bakit ako magseselos e sa magkalayo kami?

**CHARLOTTE**
Ay, di ko kaya’ng ganyan.

**KAIBIGAN**
Gano’n talaga ‘pag nasa ibang bansa ang mister, gagawa kayo ng paraan. –

Nakabusangot ang mga ale do’n, o, ‘ta mo. Rereklamo yatang matabang ang lugaw, aba e libre na nga.

– Naisip ko, baka magkaong ang bayag ng mister ko, mabaliw, pag-uwi dito e ibang tao na siya. Naku. Mas mahirap ‘yon. Hayaan mo nang makaraos sa iba. Basta’t sa ‘kin siya uuwi. E ako rin naman, aba bakit? Siya lang ba ang may mga desire. N’ung isang araw, nanaginip ako, mars. Ay naku, ang green-green.

**CHARLOTTE**
Ano daw?

**KAIBIGAN**

Si Mayor.

**CHARLOTTE**
O?

**KAIBIGAN**
Kuwan daw.

Nag-do daw kami.

**CHARLOTTE**
Ano ka ba!? Marinig ka, huy! Si Pastor nandiyan.

**KAIBIGAN**
E ano?

**CHARLOTTE**
Type mo pala 'yun si Mayor?

**KAIBIGAN**
Hindi. Di ko nga maintindihan! Di ko naman binoto 'yon. Pero, teka lang, di pa tapos. So sa dream ko, ako daw 'yung Kapitana.

**CHARLOTTE**
Sinong kapitana?

**KAIBIGAN**
Ay, puro ka K-drama, di ka ba nanonood ng balita? 'Yung aktibistang kapitana sa Jeproks, tatakbo daw sa darating na eleksiyon, kakalabanin si Mayor.

**CHARLOTTE**
A.

**KAIBIGAN**
Bale, parang ako daw siya.

**CHARLOTTE**
Ha ha! O tapos?

**KAIBIGAN**
Ayun na, nag-do kami.

**CHARLOTTE**
YIIII!!!

**KAIBIGAN**
O e ano magagawa ko, subconscious ko 'yon.

Enjoy ako.

**CHARLOTTE**
Hala siya.

**KAIBIGAN**
Oo as in. Paggising ko, ay, in the mood na in the mood.

**CHARLOTTE**

Paano na kung di umuwi ang mister mo? Mawili na sa kabit niya?

**KAIBIGAN**

'Wag naman gan'un.
Napakanegatibo nito mag-isip.

Siyempre pinagpe-pray namin 'yan sa bidyokol. Na maging matatag kami.

**CHARLOTTE**
Hirap namang sakyan. Papayagan mong makiapid ang asawa mo tapos nagpe-pray kayo.

**KAIBIGAN**
O e kumbaga para naman sa survival ng relasyon naming mag-asawa 'yon a.

**CHARLOTTE**

Di ba kasalanan ‘yon?

**KAIBIGAN**
Once saved, always saved sabi ni Pastor. Mapapatawad ni Papa God ‘yan e para naman sa katatagan ng aming pagiging / mag-asawa.

**CHARLOTTE**
Ay ewan.

**KAIBIGAN**
Nagda-doubt ka ba sa forgiveness ni Papa / God?

**CHARLOTTE**
Hindi a.

**KAIBIGAN**

Di mo ba nararamdaman na mula nang mag-worship tayo sa church e parang nakaka-liberate ng

kuwan?

**CHARLOTTE**
Oo naman.

*Patuloy silang magsisilbi ng lugaw.*

Kagabi,
nasa balcony ako,
kumakain ng Lucky Me –

**KAIBIGAN**
Ay, unhealthy, ang blood sugar mo –

**CHARLOTTE**
Oo nga, last ko na ‘yon – e di ba 24th floor kami?

**KAIBIGAN**
O?

**CHARLOTTE**
Nakatitig lang ako sa Triumph Tower. Sa gitna ng lungsod. Kung ga’no ito kataas.

**KAIBIGAN**
O?

**CHARLOTTE**
Wala. Ang liwanag. Sobrang liwanag.
Ang taas-taas.
Tapos naramdaman ko lang na parang, kumbaga, manifestation siya.

**KAIBIGAN**
Ng?

**CHARLOTTE**
Ng presence ni Lord.
Na nakabantay Siya. Watching over us. Up above.
Nasa gitna Siya ng lungsod. Parang ‘yung Tower.
Ay ewan ko ba!

**KAIBIGAN**
O tapos?

**CHARLOTTE**

May nakakakita sa ‘kin. Si God. Sa taas.
Nakaka-comfort lang. Na hindi ako totally tagô sa buong mundo. Kita Niya ang lahat – ang mabubuti, masasama, kahit ‘yung mga wala lang, mga wala-lang.
Tulad ko, wala-lang.

**KAIBIGAN**
Ay, ano ba ‘yun?

**CHARLOTTE**

Di na ‘ko

kami ni Jared

kuwan

Buong araw siya sa office room
Alam ko busy siya
Work-from-home pero

Nakakapanliit e.

Iniisip ko na lang, grabe ang krisis na pinagdadaanan ng mga tao, maraming gutom.
Problemahin ko pa ba kami ni Jared –

**KAIBIGAN**
Natural e asawa mo ‘yon.

Di ka niya puwedeng dedmahin /

**CHARLOTTE**
Tama.
Dedma.
Dead.
Para akong patay na.

**KAIBIGAN**
Awayin mo, huy.

Di kaya, kasi…

**CHARLOTTE**
Ano?

**KAIBIGAN**
Parehas naman tayo
Sa edad nating ‘to

**CHARLOTTE**
Ano?

**KAIBIGAN**
Siyempre, ang alindog

Kuwan na

**CHARLOTTE**
*(mapapatigil sa pagsandok, di-sinasadyang padabog)*
Sabihin mo.

**KAIBIGAN**

‘Wag ka magalit.

**CHARLOTTE**
Magdyi-gym tayo. Pukeng ina – sorry Lord –

At sasamahan mo ‘ko.

**KAIBIGAN**
Teka –

**CHARLOTTE**
Eh, wala! Sinaktan mo feelings ko, magdusa ka rin.
Magdyi-gym tayo. Simula bukas.

**KAIBIGAN**
Masarap siguro ‘no? Kung ‘yung magkakaaway sa politika, e magkuwan.

The more you hate the more you love.

**6. TAKOT**

*Muli, sa kuwarto sa center tulad ng Tagpo 4.*
*Ngayon, dalawang tao lamang ang magkatapat sa mesa:*
*Sina INARA at si LUMEN, ang kapatid ni IGNATIUS.*
*Magkakatinginan lamang sila, walang imikan. Matagal.*

**INARA**

**LUMEN**

*Pagkuwan, sa ibang bahagi ng entablado, lilitaw ang SIKOLOGO.*
*Isasalaysay ni INARA sa kaniya ang nangyari sa kuwartong iyon.*
*Kung ano ang ikinukuwento ni INARA, iyon ang nangyayari sa kanila ni LUMEN.*

**INARA**

All four hours, dok, di siya sumagot. Di siya umimik. Ni hindi ako tiningnan. That's what really frustrated me, actually. 'Yung ni hindi ako tingnan.

**SIKOLOGO**
Frustrated? Why was not being looked at frustrating?

**INARA**
Kasi parang

parang wala ako do'n

parang wala ako do'n to help her

**SIKOLOGO**
Good

You were frustrated dahil hindi na-acknowledge ang presence, ang effort, and labor, ang time, at ang worth mo.

**INARA**
Yes.

**SIKOLOGO**
That's normal.

Tingin mo, bakit hindi niya 'yon ina-acknowledge with her look?

**INARA**

Because

**SIKOLOGO**
Tingin mo?

**INARA**
She's afraid to look.

**SIKOLOGO**
At what?

**INARA**

At

**SIKOLOGO**
Yeah?

**INARA**
At me.

**SIKOLOGO**
How does that make you feel, that someone has identified you as the source of their fear?

**INARA**
It

bothers me.

It

worries me.

I don't like it.

**SIKOLOGO**
Being feared -- how does it feel, physically? Knowing that Lumen fears you?

**INARA**
*(pipikit upang makilala ang pakiramdam ng kaniyang katawan)*
Parang bumabagsak ang stomach ko. Rapid heart beat. I feel like

leaving.

**SIKOLOGO**
Sounds like flight. /

**INARA**

Sounds like fear.

**SIKOLOGO**

You ignored the fact that she was afraid of you.

Because, really, we ignore what we fear as long as we can. We delay the contact with the object of fear by means of ignoring it.

Why does she fear you?

**INARA**
Because

**SIKOLOGO**
Yeah?

**INARA**

I'm stumped. /

**SIKOLOGO**
You told her you were there to help, right?

**INARA**
Yes.

**SIKOLOGO**
Despite that, takot siya sa 'yo.

Do you fear me, hija?

**INARA**

Sometimes. /

**SIKOLOGO**
*You're failing this.*

**INARA**

**SIKOLOGO**
*(ngingiti)*
*Now*, do you fear me?

**INARA**
Yes.

**SIKOLOGO**
Why?

**INARA**
Because

You're a person of authority who has a certain amount of control over me.

**SIKOLOGO**
Correct.

Isn't that how she feels too, about you? The room. The center. The regimented daily living. You are the personification of that control.

Naturally, she fears it.

When that's not you.

Why? Who are you?

**INARA**
Big question, doc.

**SIKOLOGO**
*(tatawa nang bahagya)*
I know, you're right. Let me rephrase.

Uhm

In what I've been leading you to think so far, what have you noticed between you and her?

**INARA**
That

We're actually in the same position. We both ignore our fear. We both fear authority.

**SIKOLOGO**
Tama.

Why should she fear what she resembles?

**INARA**
It's a matter of making her understand that we're both afraid.

**SIKOLOGO**
Correct.

Fear isn't such a bad thing. It stunts you, yes, but at the same time, it facilitates community.

**INARA**

She did something else.

**SIKOLOGO**
What?

*Bigla –*
*Dahan-dahan –*
*Ipapasok ni LUMEN ang kaniyang kamay sa kaniyang ari, saka paglitaw muli ng kaniyang kamay –*
*Ito'y duguan, basa ng regla.*
*Guguhit ng linya si LUMEN sa rabaw ng mesa. Hanggahan sa pagitan niya at ni INARA.*

**SIKOLOGO**
And how did you react?

**INARA**
I can't remember. But I think...

I just looked at her. At her blood on the table.

I did not flinch.

**SIKOLOGO**
Very good, hija. At least in that moment you showed her something she must have never seen in a long, long while.

What do you think that is?

**INARA**
Acceptance.

Why should I fear what I resemble?

*Bakas sa mukha ni LUMEN – ang pagkamangha –*
*Na walang bisa kay Lumen ang kulam ng kaniyang dugo sa mesa.*

## 7. KISAP

*Si MIGGS, nakaupo sa harap ng kaniyang bintana, nakatanaw muli sa siyudad.*

**MIGGS**
May claim sina Marx at Engels na nakapaloob daw sa mismong disenyo ng capitalism ang eventual destruction nito. Mae-exploit nang mae-exploit ang manggagawa, yayaman nang yayaman ang kapitalista, hanggang sa huli, di-maiiwasang matulak ang uring manggagawa na magbangon at mag-alsa. Kaya ang purpose ng mga intelektuwal at ng kilusan ay para pabilisin ang inevitable naman talaga -- ang rebolusyon, na siyang magpapabagsak sa kapitalismo.

Naalala ko 'yan sa lektyur ng isa naming prof sa political science. Paborito ko 'yun. Last year, namatay siya. Leukemia. 54 years old lang. Ang bata pa.

Isa pa 'yan, leukemia. 'Yung bone marrow ng taong may leukemia, nag-o-overproduce ng white blood cells. Ang white blood cells, mahalaga sa katawan dahil 'yan ang lumalaban sa sakit. Pero 'pag inoverwhelm nito ang katawan, makokompromiso ang red blood cells at ang platelets. Kaya tuloy nagma-malfunction ang buong sistema. Ang uwi, kanser.

Gano'n din ang nangyayari sa kino-Covid, nagkaka-cytokine storm, 'yung mismong immune system ng tao -- 'yung system na pumoprotekta sa kaniya para pahabain ang buhay niya -- ang siyang papatay sa kaniya.

Nakapaloob sa katawan ng tao ang sarili niyang kamatayan.

Kahapon, lumabas ang resulta ng research namin tungkol sa efficiency levels ng drainage system ng Lungsod. Sa 65 pumping stations na nagbubuga ng tubig-ulan patungo sa dagat, lampas kalahati ang hindi functional dahil sa polusyon at patuloy na paglawak ng sakop ng Projects. Ang mga tapon na materyales panggawa ng gusali, napapadpad at bumabara sa pumping station.

Nakapaloob sa Lungsod ang sarili niyang pagkawasak.

Recently, na-diagnose akong clinically depressed.

Mula nang mag-lockdown ilang taon na'ng nakakalipas, di pa 'ko lumalabas. 'Yung urban planning firm na sinalihan ko, tanggap ang aking kondisyon. Part-time researcher lang naman ako.

Isang buwan na 'ko di naliligo. Nakakalbo ako dahil sa matinding dandruff. Kung magpatuloy ako sa ganitong buhay, natural lang na maaagnas ang katawan ko. Maaari kong piliing maging episyente.

Pabilisin, padaliin ang proseso.

Pero

*Lalapit si MIGGS sa light switch sa kaniyang kuwarto, at io-on-off-on-off ito. May pattern: tatlong mabilis na on-off, tatlong mabagal, at tatlong mabilis ulit.*

may maliit na

kisap

sa loob ko

Munti. Munting-munti. Sagarin ko na lang. Hintayin ko hanggang sa

mapundi.

*Dilim.*

**8. LUCKY ME**

*Sa isang gym. Umaga.*
*Nag-eehersisyo ang magkumare.*
*Hingal sila, pero tuloy lang sa usapan.*

*Sa isa pang bahagi ng entablado, ang tirahan ni Karina*
*As usual, nagdodrowing/nagsusulat pa rin siya.*

**KAIBIGAN**
Ha ha ha!

Tawang-tawa ako, 'day!

Magdu-do na dapat sila, pero itong mister ko ang umatras! Bahag ang buntot! Ha ha!

**CHARLOTTE**
E di masaya ka dapat?

**KAIBIGAN**
Bakit?

**CHARLOTTE**
Faithful sa 'yo ang mister mo.

*Darating si CLAIRE – kakatok sa pinto ni KARINA –*
*Pagbubuksan siya nito.*

**CHARLOTTE**
Masaya ka dapat.

**KAIBIGAN**
Oo naman.

**CLAIRE**
Busy ka?

**KARINA**
Hindi –

*Papasok si CLAIRE sa loob; isasara ni KARINA ang pinto.*

**CHARLOTTE**
Panatag dapat ang loob mo.

*SISIGAW si Claire! Tiling tuwang-tuwa!*

**KAIBIGAN**
Aba'y kahit naman natuloy 'yon, panatag pa rin ang loob ko na kami.

**CHARLOTTE**
De.
Iba.

**CLAIRE**
Napatalsik namin 'yung putang inang Jesus-Jesus na dean!

*Sabay –*
*Yakap attack kay KARINA!*

**CHARLOTTE**
Iba 'pag nangyari talaga.

*Biglang maiiyak si CHARLOTTE.*
*Mapapatigil na rin sa pag-ehersisyo ang KAIBIGAN.*

*Magseselebreyt ang dalawa – tilian, sayawan, sigawan –*

**KARINA**
Ang angas ni'yooooo!

**CLAIRE**
*(bigla –*
*Maglalabas ng pera, ibibida ito kay KARINA)*

**KAIBIGAN**

Huy, Charlotte.
Si Jared ba?
Ano'ng nangyari?

**CLAIRE**
ready na ‘ko

**CHARLOTTE**
nakakasuka, mars

**CLAIRE**
pasabugín mo ‘ko, Karina

**CHARLOTTE**

Pinaalis ko si Jared kagabi. /

Pumasok ako sa opisina niya.

**CLAIRE**
dalhin mo ‘kong buwan

**CHARLOTTE**
Alam ko na’ng pinagkakaabalahan niya magdamag sa kompyuter.

**KAIBIGAN**
Ay.

**KARINA**
Kailangan mo ba? Di ba ang high mo na ngayon?

**CHARLOTTE**

Mga
Mga hubad, mars
Hubad na
Menor-de-edad, mars.

Mga dose anyos, mars. Halos di pa tinutubuan ng dibdib.

*Titigil si CHARLOTTE sa pag-ehersisyo't mapapadayukdok sa sahig.*

**CLAIRE**
Kailangan ko lang patagalin 'to,
Karina

**CHARLOTTE**
Di ba karumal-dumal, mars?
Di ba kriminal?

**CLAIRE**
Parang nahanap ko ulit ang
pagmamahal ko sa mundo, e.
Parang ang ganda-ganda ulit ng
mundo.

**CHARLOTTE**
N'ung nadiskubre ko, parang
Parang may bumigay, mars.

**CLAIRE**
Ang ganda-ganda ulit ng lungsod,
jeproks man o Mariposa.

**CHARLOTTE**
Nakatingin ako sa labas kagabi,
habang kumakain ng Lucky Me, ng
putang inang Lucky Me

**CLAIRE**
Naalala kong maganda rito. Maganda
ang jeproks.

**CHARLOTTE**
na bawat araw na ginawa ng Diyos e
kinakain ko, araw-araw, paulit-ulit,
tapos ito,

**CLAIRE**
Dahil nandito ang tao.

**CHARLOTTE**
niyanig ang mundo ko ng katotohanan

**CLAIRE**
At 'pag may tao, may nagmamahalan.
'Pag may nagmamahalan, may
handang mag-alay ng buhay.

**CHARLOTTE**
katotohanan tungkol sa lalaking apat
na taon ko nang mahal na mahal na
mahal

**CLAIRE**
At ang taong handang mag-alay ng
buhay dahil sa pagmamahal –

**CHARLOTTE**
Wala. Guho. Lahat.

**CLAIRE**
May dignidad.

May dignidad sa Projects.

**CHARLOTTE**
Sana di ko na lang nadiskubre.

**CLAIRE**
Minsan ko lang naaalalang magmahal
sa kapuwa.

At ‘pag napapamahal ako,
ang puso ko.
kumakalma
kumakalma

Masaya na ‘ko d’un sa kunwaring matino siya e.
Masaya na ‘ko d’un sa araw-araw na manonood ng K-drama,
kakain ng Lucky Me,
puke ng ina.
Ay ewan, mababaliw yata ako.

Napakapangit malaman ng totoo. Sana di na lang.

*Iaalok ni CLAIRE ang pera – Tatanggihan ni KARINA.*

*Kukuha siya ng palara at ang pulbo ng droga, saka iaalok ito kay CLAIRE.*

**KARINA**
hithit

*Hihithit si CLAIRE.*

*Kaligayahan.*

**KAIBIGAN**

Mabuti na rin siguro, mars.
Kesa naman buong-buhay kayong magkasama na may tinatago pala siyang sikreto.
Living a lie ‘yun, kung sakali.

**CHARLOTTE**
‘Yun na nga e. Na-realize ko na matagal na ‘kong di masaya, ke manyak ba si Jared o hindi. Pero at least madali magkunwari n’ung di ko pa alam ‘yon. Ngayong pinalayas ko siya, mag-isa na lang ako.
Malungkot na ‘kong talaga.
Dati, mag-isa ako kasama siya.

**CLAIRE**
gusto ko, ikaw rin

**CHARLOTTE**
Ngayon, mag-isa ako.

**CLAIRE**
please?

**CHARLOTTE**
Period.

*Hihithit din si KARINA.*

*Kaligayahan.*

**KAIBIGAN**

Charlotte.
Mag-out of town tayo.
Dali.
Sa dagat.
Gusto ko magdagat.
Parang n'ung nasa college tayo.

Tara na.

**CHARLOTTE**
Ayoko.

**KAIBIGAN**
Bakit?

**CHARLOTTE**
Ayokong tumakas.
Ayokong magbakasyon.

Magpapapayat ako.
Haharapin ko ang Diyos sa lungsod na ‘to.
Magpapapayat.
At haharap sa Diyos.
Magpaliwanag Siya sa ‘kin.

*Aalis si CHARLOTTE.*

*Kasama nina KARINA at CLAIRE ang Diyos.*

**9. APOKALIPSIS**

*Isang kuwarto sa center, gaya sa Tagpo 4.*
*Ngunit si INARA lang at si LUMEN, ang kapatid ni IGNATIUS.*

**LUMEN**

**INARA**
Magtatatlong oras na tayo dito, Lumen.

Kahit na hindi ka magsalita ngayon, babalik naman ako bukas.

Kung bukas ayaw mo pa rin, e di sa susunod.

Araw-araw, hanggang okey na sa ‘yo magsalita.

Di ko rin bubuksan ang recording devise ko.

Di rin ako magsusulat sa kuwaderno.

Mag-uusap lang tayo kung gusto mo.

Or magtinginan lang, puwede rin.
*(bahagyang tatawa)*

**LUMEN**

**INARA**

Tahimik akong bata noon.
Sobrang strict kasi ng tatay ko.
Tapos napakadaming babasagin sa bahay – bahay kasi ng lola ko ‘yon – kaya maglaro lang ako k’onti, may nababasag na ‘ko – tapos ayan, magagalit na si Dad –
Kaya ‘ka ko, di na lang ako gagalaw –
Mas safe –
Wala akong mababasag.

‘Pag umiiyak ako, sumisigaw, kinukurot ako ng yaya namin, o kaya si Mom naman ang magagalit, ayaw n’un sa ingay kasi laging masakit ulo niya.
So tahimik lang ako, hindi gumagalaw.
Para wala akong mabasag. Para walang magalit sa ‘kin. Walang makapansin. Walang makahuli.

N’ung fourteen ako, may klasmeyt ako, lalaki, pinisil ako sa puwet.
N’ung nilingon ko siyang nakasimangot, sabi niya, “huy, biro lang.”
Alam mo ginawa ko? SUMIGAW AKO. ‘Yung nakakaeskandalong sigaw.
N’un ko natutuhan na puwede akong maglabas ng galit, ng takot, at weapon ko ‘yon.

Di dapat ako matakot dahil kaya ko sumigaw.

Takot ang nagpapatahimik e.

Kaya naiisip ko itanong sa ‘yo, dahil ang tahi-tahimik mo:
Lumen, kanino ka takot?

Alam mo, ‘pag stressed ako o kaya bored, nagme-meditate ako.

So magme-meditate muna ako hanggang sa gusto mo nang magsalita.

*Mauupo sa sahig si INARA at totoong magme-meditate.*

**LUMEN**
takot ako kay kuya

**INARA**
Bakit?

**LUMEN**
sabi niya mahal niya ‘ko

**INARA**
O

Di ba mabuti nga ‘yon?

**LUMEN**

sabi din ‘yon ni amang badong

**INARA**

Ano’ng ginawa sa ‘yo ni Amang Badong, Lumen?

**LUMEN**

**INARA**
Tingin mo ba, kayang gawin sa ‘yo ng Kuya Ignatius mo ang ginawa sa ‘yo ni Amang Badong?

**LUMEN**

**INARA**
Pero magkapatid kayo di ba? Di ba bawal ‘yon? Sa Bible bawal ‘yon, di ba, Lumen?

**LUMEN**

sabi ni kuya, nakakatakot daw dito sa labas ng camp
do’n daw sa tore, si satanas daw
nakabantay daw sa ‘min /

**INARA**
‘Yung Triumph Tower? /

**LUMEN**
pinoprotektahan daw niya ‘ko
‘pag di daw niya ‘ko protektahan, dadalhin daw ako do’n sa taas, sa tore
sabi niya, “di tayo tagadito, malulunod tayo dito” /

**INARA**
“malulunod”?

**LUMEN**
*(tatango)*

‘pag maghiwalay daw kami, mag-aapokalipsis daw

**INARA**

Naniniwala ka?

**LUMEN**
hindi

**INARA**
Bakit?/

**LUMEN**
tapos na ang apokalipsis

**INARA**
O? Kailan?

**LUMEN**
n’ung namatay ang diyos

**INARA**
Kailan namatay ang Diyos?

**LUMEN**
n’ung pinatay ang anak niya

**INARA**
Si Amang Badong?

Lumen, tatanungin kita, ha:

Pinatay mo ba si Amang Badong? /

**LUMEN**
HINDI PO

**INARA**
Okay.

Pinatay ba ng KUYA mo
si Amang Badong?

**LUMEN**

**INARA**
Lumen,
gusto mo bang tulungan kita
para hindi na kayo magkita ng Kuya Ignatius mo
kahit kailan?

**LUMEN**
*(tatango, umiiyak)*

**INARA**
Lumen, puwede ba kitang yakapin? /

**LUMEN**
*(iiling)* /

**INARA**
Okay.
Sorry.

Tutulungan kita.

**LUMEN**
sinabi mo, a

**INARA**
Susubukan ko lahat ng makakaya ko.

**LUMEN**
…kailangan kita, e

dahil ‘yung boses…

tuwing gabi…

sinasabi, “itatakas kita…aalis tayo…itatakas kita”

**INARA**
Kaninong boses?

**LUMEN**
sa demonyo
kay Amang Badong
kay Kuya
sa ‘kin
di ko na alam

kailangan kita…
sabi mo tutulungan mo ‘ko
kasi kung hindi…

**INARA**
ano?

**LUMEN**

parang tuluyang mawawala ang kaluluwa ko

## 10. ANG SIGAW

*Nasa Triumph Tower si MIGGS, nakatanaw sa Lungsod –*

*Kina ALEX 1 at ALEX 2 na nagtatalik sa loob ng banyo –*

*Kay KARINA na tinutulungan si CLAIRE na humithit ng nekro –*

*Kay CHARLOTTE na agresibong nagsu-Zumba –*

*At sa buong Lungsod na parang organismong buhay, pumipitlag-pitlag, kislot at kisay ng katawang nakaratay sa banig ng kamatayan –*

**MIGGS**
Parang "The Scream" ni Edvard Munch ang Lungsod 'pag gabi:
Bumabagal ang daloy ng liwanag, nagre-radiate, nagre-refract at sumasabog ang mga kulay mula sa puti, parang sa prism

Para bang lahat ng himutok, ng sigaw ng buong bayan, dumadaan sa isang vacuum kaya bumabagal, lumalagong, naka-slow mo ang daloy ng tunog,
AAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAGGGGGGGGHHHHHH

*Rururok ang dalawang ALEX – saka lalabas upang makipagsayawan sa Mga Katawang Lalaki – gigiling-giling sa dilim, makikipagkiskisan sa isa't isa – orgy –*

*Parang babaylang sinapian ng espiritu si CLAIRE – kukubabawin niya si KARINA at itatapat ang pipa sa bunganga nito, sabay sisindi upang humithit din si KARINA ng nekro –*

*Masusuka si CHARLOTTE, kukuha ng mop, ima-mop ang suka, saka patuloy sa pag-ehersisyo – halimaw na siya –*

Langkap-langkap ang mga boses, ang buong Lungsod, diyablong may daan-daang tinig
TULOOOOOOOOOOOOOOOOOONG

Mula rito sa itaas -- kita ko -- ayun -- pulis, namaril ng adik -- alingawngaw ng putok, yung alingawngaw, parang ripple sa rabaw ng tubig, paalun-alon hanggang humampas sa tagiliran ko

*Nakahiga na lamang ang dalawang ALEX at ang Mga Katawang Lalaki, malamyos*

*Parehong sinapian ng nekro – magbubukas ng mga timba ng pintura sina CLAIRE at*

*Tuluyang mahihimatay si CHARLOTTE. Payapang sanggol.*

*na naghahaplusan, mga katawang nabalandra sa lupa, mga titing pagod –*

*KARINA at pipintahan nila ang mga pader ng kuwarto – mga salitang gaya ng MANE THECEL PHARES, o "Prometheus Unbound" ni Lacaba – mga patse ng kulay parang Rothko, mga patak ng kulay parang Pollock, mga butlig-butlig ng kulay parang Kusama – "BAKIT BA TUMILAPON ANG SPOLIARIUM DIYAN SA PALIGID MO?" –*

Si Mayor, sa kaniyang kama sa Mariposa, Mayor ng modernong siyudad, pero nakakulambo pa rin, technicolor kung managinip, bangungot niya'y bangunot din natin, mula sa matandang tycoon na natutulog sa tabi ng starlet na kalahating milyon kada gabi ang presyo, hanggang sa pinakamahirap na taonggrasa sa Projects na pinuputakti ng mga surot ang masebong bayag -- tayong lahat, iisa lang ang panaginip, kung ano'ng bangungot ni Mayor, bangungot nating lahat

*Sa puntong ito – payapa na ang Lungsod – pagod nang mabuhay – sina CLAIRE at KARINA, hapo na rin – nadulas sa pintura, nakahandusay sa sahig –*

Sa dilim ng gabi, litaw ang nakakasilaw na liwanag ng Lungsod: mga lampara, streetlights, mga bintanang bukas, sa liwanag ng laptop at TV ng mga insomniac – Wala nang mga bituin sa langit, lahat nasa lupa na.

*Ano ang himig ng Lungsod – Ano ang tunog ng hininga nito – Ng hilik ng kalye, ungol ng dugo, anas ng buwan – Ano ang tunog ng nakamikroponong pagpinid ng matang antok –*

Ang mga sapin-saping tulay at highway at skyscrapers ng Lungsod, mga tenement na pinatayo ng gobyerno, pinatungan, dinagdagan ng sampu pang palapag na ginagapok, tapos sampu pa ulit, paakyat nang paakyat, kalyeng pinalitadahan, sinalpakan ng isa pang kalye, mga highway na sala-salabid parang kulot na buhok

Ideyal, estetiko, museo ng katotohanan, mga kuhang retrato ng kasaysayan, linya, mga hilera, kaayusan, nakakapamilipit na kaayusan

*Babalik ang ulirat ni CHARLOTTE – hinang-hina siya – susubukin niyang bumangon – lalabas – babalik – may-dalang Lucky Me – dudurugin ito – bubuksan ang pakete – saka kakainin ang durog na noodles –*

Ito, Triumph Tower, pinakamataas na gusali sa buong Asya, malapit nang gumiwang, pinatangkad nang walang lohika, nasa sentro ng Mariposa District, na nasa sentro ng Lungsod, sanctum sanctorum, ihambing mo sa kabilang dako ng Lungsod, sa Projects, tenement housing, ang pantapat natin sa Kowloon ng Hong Kong

Tayo ang nagtayo nito

Tayo ang mga manggagawang nagtirik sa Tore ng Babel -- at oo! oo! puwede kang maligaw sa loob ng mundong ikaw mismo ang gumawa!

*Gagapang si CLAIRE patungo kay KARINA – kakalungin ni KARINA si CLAIRE – para silang mag-ina –*

May isang milyong katao sa Lungsod. May isang milyon ding lungsod.

Ayaw tumigil ng utak ko. Nakakapagod. Di ko kayang di mag-isip.

*Tatayo si ALEX 1, magdadamit, lalabas – magpapahangin, nakapikit sa gitna ng dilim – pasikat na ang araw – sasayaw sa ilalim ng bumubukang-liwayway –*

Bumukas ang mahiwagang pinto, lilitaw ang batang ako, sisingil ng buhay, ang batang ako si Kamatayan –

Tatalon ako –

*Si CHARLOTTE, sisimutin ang dry noodles, saka lalabas sa balkonahe – dahan-dahan, mapipintahan siya ng asul at kahel ng bukang-liwayway –*

Sa lahat ng liwanag, isa lang, isa lang – makakakita lang ako ng isa pang anino na tulad kong patang-pata na sa mundo –

Kundi, tatalon ako

Wala ba

*Gagawin ni MIGGS uli ang pag-on-at-off ng switch ng ilaw, desperado.*

Ako lang ba

Wala na bang iba d'yan

Wala

Isa lang

*(huling hirit bago lumundag –)*

…please…

*Sa kalayuan, may matatanaw si MIGGS –*
*Sa kabilang ibayo –*
*Isang babae, sa kaniyang balkonahe –*
*Si CHARLOTTE –*
*Sasagot ng pag-on-at-off din ng ilaw –*

Ayaw pa 'kong mamatay ng Lungsod

Ang Lungsod lang ang m'eron ako

Siya lang nagmamahal sa 'kin.

*Bababa si MIGGS sa kaniyang kinatatayuan sa Tore.*

*Lalapit si ALEX 2 kay ALEX 1 at yayakapin ito mula sa likod.*

*Magkayakap silang mahigpit na mahigpit sa ilalim ng sumisilay na sinag-araw, marahang sumusuray-suray sa saliw ng himig-lungsod.*

**ALEX 2**

Mawawala ako.

**ALEX 1**

Bakit?

**ALEX 2**

May nagbabantang gulo. Magkakagera sibil. Malapit na. Nagboluntaryo ako.

**ALEX 1**
Saan?

**ALEX 2**
Ipagtatanggol ko ang Mayor. Ang gobyerno. Wawasakin namin ang mga rebelde.

**ALEX 1**
Kung may mangyari sa 'yo?

**ALEX 2**
E di gano'n.
Handa ako mamatay para sa bayan.

**ALEX 1**
Hindi si Mayor ang bayan.

*Sasakalin ni ALEX 2 si ALEX 1 – nakakabiglang karahasan.*
*Hindi papalag si ALEX 1. Hahaplusin pa nito ang mukha ni ALEX 2.*
*Pagkuwan, bibitaw si ALEX 2.*

Ayokong mawala ka.

**ALEX 2**
Iyakan mo na lang ang bangkay ko.

**ALEX 1**
Hindi.

**ALEX 2**
Ano?

**ALEX 1**
Iba ang gagawin ko sa bangkay mo.

Puwede ba tayong mag-umpisa ulit sa simula?

Ako si Alex.
Ikaw?

*Titingnan ni ALEX 2 si ALEX 1 –*

*May makikita siya –*
*May nagbago –*
*Naging totoo –*

*Sa kabilang panig ng entablado –*
*May cellphone na nagri-ring –*
*Ring nang ring –*

**ALEX 2**

*ring*
*ring*
*ring*
*ring*
*ring*
*ring*
*ring*
*ring*
*ring*
*ring*
*ring*
*ring*
*ring*
*ring*
*ring*

George.

*Aalis si ALEX 2.*

**ALEX 1**

*ring*

*ring*

*Nanggagaling ang ring sa cellphone ni INARA.*
*Sina INARA at ang SIKOLOGO, nag-uusap sa telepono.*

**SIKOLOGO**
Buti gising ka na.

**INARA**
Bakit po, dok?

**SIKOLOGO**
Nakatakas sila.

**INARA**

Si Lumen?

**SIKOLOGO**
Silang pareho.

*Si KARINA –*
*Biglang aatakihin ng epileptic seizure.*

*Saka lang mapapansin ni CLAIRE.*

**CLAIRE**
Karina –?
Karina –!

*Di niya alam ang gagawin.*
*Dilim.*

**11. MGA LAMOK**

*Sa lamlam ng kadiliman –*
*Madaling-araw.*
*Tunog ng ambulansya. Ng katahimikan ng lansangan.*
*Pagkuwan –*

*Mga screen - sabay-sabay mag-o-on –*

*Tampok ang isang recorded interview –*

*Ang KAPITANA.*

**ANG KAPITANA**
Tatakbo tayo.

Hindi puwedeng unchallenged ang Mayor.

*(sa background, palakpakan at sigawan ng "Kapitana! Kapitana!"*

Sobra na e.

Alam ni'yo, sa distrito ko, sinabi ko sa presinto ng pulisya sa may amin sa Project Malvar, 'ka ko, "Mga chief, may kaunti tayong naitabing pondo. Ganito na lang: sa halip na magpatumba kayo ng mga hinihinalaan ni'yong kaaway ng bayan, dalhin ni'yo nang buhay sa presinto. Gawan natin ng kaso. Sa bawat kaaway ng bayan na dalhin ni'yong buhay sa presinto -- may perang pabuya. Pakiusap ko lang, ayoko ng dadanak na dugo sa distrito ko, kahit ga'no kaliit lang 'yan, gusto ko walang dugo."

O, di ba sa distrito namin nahuli yung malaking pagawaan ng nekro? Sa engkuwentrong 'yon, walang namatay. Lahat sila, kulong.

May paraan e. Dahil 'yang mga 'yan, mga kathang-isip na kalaban 'yan, gawa-gawa lang ng Mayor para tayo e mabuhay sa takot. At ang nabubuhay sa takot, handang tanggapin maski ano kahit na inaabuso na siya.

Ang totoong kalaban -- na nalimutang harapin ni Mayor -- ay polusyon. Kahirapan. Pagkasaid ng supply ng basic na mga pagkain gaya ng bigas, gulay, karne. Ang darating na bagyo. HINDI TAYO HANDA SA DARATING NA BAGYO. 'Yan ang totoong kalaban sa Lungsod na ito.

'Yan ang kakabakahin natin, hindi mga guni-guning problema.

Salamat.

*Bigla –*
*May Mga Anarkista – nakaitim mula ulo hanggang paa – nakamaskara –*
*Aakyat sa mga pader ng tanghalan –*
*Papatayin nila ang mga screen –*
*At gamit ang stencil na may dibuho ng lamok –*
*Ay pipinturahan ng itim na hugis-lamok ang iba't ibang bahagi ng tanghalan.*
*Pagtapos –*
*Magdi-disperse, magtatakbuhan, parang mga ipis na tinampulan ng liwanag.*

## 12. ANARKIYA

*Sa kuwarto ni CLAIRE.*
*Naro'n si KARINA.*
*Pinanonood niya sa TV ang pahayag ni Kapitana sa naunang eksena.*
*Siyempre, patuloy niyang sinusulat sa kuwaderno ang kaniyang naririnig.*
*Bigla –*

*BAM! PADABOG NA BUKAS NG PINTO –*

*Hahangos papasok si CLAIRE, pawis na pawis – akay-akay ang –*
*Isang KAESKUWELA niya – itim ang damit mula ulo hanggang paa, duguan ang ulo at may tama sa tagiliran.*

**CLAIRE**
KARINA, PUTANG INA, TUBIG, ALKOHOL /

**KARINA**

**KAESKUWELA**
PUTANG INA ANG SAKIT ANG SAKIT ANG SAKIT!

*Halos buhatin ni CLAIRE ang KAESKUWELA niya sa isang mesa –*

**KARINA**
Ano'ng nangyari Claire Claire ano'ng nangyayari /

**CLAIRE**
Alkohol Tubig TANGINA BILIS! Mero'n diyan sa CR!

*Hahangos si KARINA tungo sa banyo, muling babalik nang dala ang alkohol at tabo ng tubig –*

Ano'ng gagawin ko Ano'ng gagawin ko Di ko alam 'to

**KAESKUWELA**
Amin na!

*Magtatanggal ng t-shirt ang KAESKUWELA, kukunin ang bote ng alkohol, saka bubuhusan ang sugat sa kaniyang tagiliran –*

**KAESKUWELA**

AAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAKKKKKKKKKKKKKHHHHH!!!

**KARINA**
Nabaril ba siya?

**CLAIRE**
Oo /

**KAESKUWELA**
Rubber bullet lang ito Baril ng anti-riot police Hindi tingga /

**CLAIRE**
Pero nagdudugo pa rin

*Magpapatuloy si KARINA sa pagsusulat/drowing.*

TANGINA KARINA PUWEDENG MAMAYA NA 'YAN /

**KARINA**
Ano'ng gagawin ko /

**CLAIRE**
TANGINA NAMAN KASI E BAKIT KAYO NANGGULO SA DEMONSTRASYON NAMIN

*Muling magbubuhos ng alkohol ang KAESKUWELA sa kaniyang sugat –*

**KAESKUWELA**

AAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAKKKKKKKKKKKKKHHHHH!!!

**CLAIRE**
Ang init-init ng admin sa student government AKALAIN PA NILANG kami ang nag-organisa sa inyo /

**KAESKUWELA**

TANGINA AYAW TUMIGIL NG DUGO /

**CLAIRE**
PATINGIN /

*Akmang lalabas si KARINA –*

**KAESKUWELA**
*(kay KARINA)*

HOY PUTANG INA SAAN KA PUPUNTA

**KARINA**
Hihingi ng tulong medikal –

**KAESKUWELA**
HINDI AKO PUWEDENG DALHIN SA OSPITAL / TANGINA

**CLAIRE**
Isara mo ang pinto, Karina – 'wag kang lalabas –

*Susubuking ampatin ni CLAIRE ang daloy ng dugo –*

*Susunod si KARINA, todo-pagpipigil sa kaniyang mga kamay – ngunit mabibigo – patuloy siyang magsusulat –*

*Magri-ring ang cellphone ni CLAIRE –*

*(sasagutin ito)*
HELLO!?
HELLO
O, OO NASA APARTMENT AKO
KASAMA KO SI –
OO SAFE KAMI TANGINA
ANO
ANO
ANO!?

SI TELMO!?

PUTANG INAAA

*Nanginginig-nginig si CLAIRE sa pag-iyak –*

Okay
Yes
Yes
Balitaan mo ‘ko
Mag-iingat kayo
Lie low muna
Yes please
Ingatkayo mga kapatidplease ingatpleaseingatingat
Okay okay
Bye

*Hahayaan ni Claire na mabuwal siya sa pagdadalamhati.*

**KAESKUWELA**
Claire
Ano’ng nangyari kay / Telmo

**CLAIRE**
NAMATAY SI TELMO PUTANG INA

**KAESKUWELA**
ha / yop

**CLAIRE**
Ang tahimik namin d’un, mehn, walang gulo, nagpoprotesta kaming tahimik hanggang sa dumating kayo / nagsunog kayo ng mga upuan ANO BA’NG GUSTO NI’YONG MANGYARI D’UN

**KAESKUWELA**
Kaibigan ko rin si TELMO

TANGINA CLAIRE sunod-sunod na sinisipa ang mga progresibong faculty N’ung Gabi ng Sindak ilang student leaders ang dinakip Si Telmo iniiyakan mo Bakit si Victor Si Justin si Minna PUTANG INA Si Ma’am Espiritu may ebidensyang NAGAHASA PA ANG HAYOK NI’YONG IPAGTANGGOL ANG GENDER POLITICS PERO ‘YUN LANG???? ANONG TUGON NIYO SA LAHAT NG ‘TO?????!!!!

PAKONSERT!? PICKET!? MAGPOPOETRY JAMMING KAYO PUKE NG INA MGA REAKSIYONARYO!

**CLAIRE**
BAKIT BA PARANG KAAWAY NI’YO KAMI –

**KAESKUWELA**
MASAHOL PA KAYO KAAWAY
ABALA KAYO
HADLANG
HARANG SA DAAN
*(mananakit ang sugat)*
AAAAAH!

**CLAIRE**
*(titingnan ang sugat)*
‘Wag kang mag-exert, lalong sasakit
Patingin

At least di na nagdudugo

tangina si Telmo

*(iiyak)*

**KARINA**

condolence, Claire

**KAESKUWELA**
Sino ka?
**KARINA**

**CLAIRE**
Kaibig – kabilding ko.

**KARINA**
Ano'ng nangyari?

**CLAIRE**
Biglang dumating yung grupo nila sa protest rally namin, nagsunog, kaya dumating ang pulis, anti-riot, ayun na

Pinaputukan kami

**KAESKUWELA**
Namumukhaan kita
Nagbebent ka ng nekro, di ba?

**KARINA**
*(tatango)*

Di kita maalala Bumili ka na ba sa 'kin?

**KAESKUWELA**
*(iiling)*

May kabarda ako, suki mo

**KARINA**
Ayoko na magbenta Masyado nang nakakatakot

Ang gulo na ng mga estudyante, baka magkalaglagan na, magturuan

Dami na masyadong naaadik /

**KAESKUWELA**
Ano ba ang adik?

**KARINA**

**KAESKUWELA**
Ano ba ang adik?

Sagutin mo: ano ba ang adik?

**KARINA**

Tao.

**KAESKUWELA**

O?

**KARINA**
Na may sakit /

**KAESKUWELA**
Pam-beauty queen ang sagot.

Ang adik ay kulam.
Sumpa.

Idikit mo sa tao ang label na adik, hindi na sila tao. Hayop na sila.
Ang adik ay kathang-isip ng makapangyarihan.
Ang adik ay LIFE SUPPORT ng kapangyarihan.
Wala namang dahilan para mag-flex ng kapangyarihan ang Mayor, kaya ano gagawin niya? Mag-iimbento siya ng bagong threat, ng bagong kaaway.
Health issue, ginawang isyu ng peace and order.

Adik.
Luma na ‘yan, iba lang pangalan n’on.

Dati komunista.
O kaya terorista.
Ngayon,
adik.

Kung walang adik, walang kapangyarihan si Mayor. Kailangan ni Mayor ang mga adik para manatili siya sa poder.

‘Yun ang paradox.

**KARINA**

di ko masakyan.

**CLAIRE**

Di ko na alam kung ano’ng mangyayari Kung magkaka-crackdown Kailangan ko yatang umalis Kailangan nating umalis

**KAESKUWELA**
Bakit ka aalis e ikaw ang nasa tama
SILA ANG UMALIS –

*(kay KARINA)*
Ano ba’ng sinusulat mo?

**KARINA**
/

**CLAIRE**
May kondisyon siya.

**KAESKUWELA**

*(kay CLAIRE uli)*

Galit ka di ba?

Namatayan ka ng kaibigan di ba?

Nabalitaan mo’ng Kilusang Lamok?

**CLAIRE**
*(iiling)*

**KAESKUWELA**
Occupy Mariposa.

Silang mayayaman, silang nasa city hall sa Mariposa District– mga paruparo.
Tayong nasa jeproks, tayong nasa laylayan – mga lamok.

Lulusubin na ng mga lamok ang hardin ng mga paruparo.

May network na tayo sa buong bansa, isang tagong samahan, nakakonek sa mga miyembro sa loob at labas ng lungsod.
Kikilos na.
Sama kayo?

**KARINA**
Nakakatakot /

**KAESKUWELA**

Di ka pa ba pagod matakot?
Ano pa’ng hinihintay natin?

**KARINA**
Di ba mag-eeleksiyon na? Sureball mananalo si Kapitana
Gusto siya ng mga tao /

**KAESKUWELA**
O tapos?
Kahit sino’ng nasa poder,
kaaway.

Ganyan naman ang sistema e. Ilang dekada nang napatunayan ‘yan. Kahit sino’ng nasa taas – siya ang kaaway ng taumbayan.
Kaaway natin.

Hindi na ‘ko naniniwala sa eleksiyon.
Moro-moro lang naman ‘yang lahat.

**CLAIRE**
Sa’n ka naniniwala?

Rebolusyon?

**KAESKUWELA**

Sinira na ang salitang ‘yon.
Ginawang malamya ng middle class.
Ginawa nilang kanta. Party sa kalye. – Hindi ‘to rebolusyon.
Digmaan ‘to.
Apoy sa apoy. Ubusan ng lahi.
Anarkiya.

*(kukunin ang kaniyang cellphone at itatapat ito kay CLAIRE)*
I-scan mo ‘tong QR, encrypted messaging app, bagong-bago, makakatanggap ka ng info tungkol sa miting bukas.

*(kay KARINA)*
Sumama ka kung gusto mo.

*(lalapit kay KARINA, sabay pupunitin ang mga bagong-nadrowingang pahina sa kuwaderno nito)*

Pasensya na.
Panigurado lang.

*Natigalgal sina CLAIRE at KARINA.*

Salamat sa first aid.

Tangina, Claire
‘Wag mong sayangin ang pagkamatay ni Telmo
Oras na, mehn

*Umalis na ang KAESKUWELA.*

## 13. MORSE CODE

*Ang mag-amiga.*
*Nasa Feeding Program uli, ngunit –*
*Sa halip na lugaw ang pinamumudmod nila –*
*Mga libreng kopya na lang ng Bibliya.*

**KAIBIGAN**
Niliteral naman ni Pastor masyado ang "man does not live by bread alone." Di naman nila 'to makakain.

**CHARLOTTE**
E paano e wala na talagang mga supply. Magkakagulo na talaga. Pakiramdam ko.

**KAIBIGAN**
Walang bigas na panglugaw.
Walang bawang at sibuyas na panggisa.
E di magsayaw na lang tayo.

HAHA!

**CHARLOTTE**
*(mapapangiti)*

Sis, alam mo

Masaya ako

**KAIBIGAN**
O?

**CHARLOTTE**
Ngayon lang.

Recently.

Very recently.

**KAIBIGAN**

nakakaloka

May nakilala ka?

**CHARLOTTE**

Alam mo, umabot sa point na paggising ko, mga three hours akong hindi babangon sa kama, just talking to the Lord, sabi ko sa Kaniya, “I don’t know what You want me to do. Tatambakan Mo ‘ko ng mga pagsubok – tapos ano? Nganga.”
Para akong multo. Multo sa lungsod na ‘to.
So, gabi-gabi, with my Lucky Me /

**KAIBIGAN**
Kala ko diyeta? /

**CHARLOTTE**
Shemay, lecheng diyeta! –

Gabi-gabi, with my Lucky Me, ha-hang out ako sa balcony, at doon nakikipagtuos ako kay Lord. As in hinahamon ko Siya. Kidlatan Mo ‘ko! Gano’n.

Then, one night –
Marunong ka mag-Morse code? /

**KAIBIGAN**
Hindi. Diyos ko, Charlotte, sino ba’ng nagmo-Morse code in this day and age?
World War Two ba?

Ano’ng kiyenekeber mo sa Morse code?

**CHARLOTTE**

When you demand consolation from the Lord, He will not console you. Instead, He will challenge you to seek your own comfort and consolation.

Sa kabilang dako ng malaking highway sa tapat ng condo ko, di ba Triumph Tower na ‘yon? /

**KAIBIGAN**
O?

**CHARLOTTE**
‘Yung katapat kong floor, may apartment.
Isang gabi, napansin ko, paandap-andap ‘yung ilaw n’ung unit.

*Lilitaw, sa kaniyang kuwarto sa Triumph Tower –*
*Si MIGGS.*
*Nagmo-Morse code gamit ang ilaw.*

‘Ka ko, baka nag-e-SOS.

So Ginoogle ko, Morse code. /

**KAIBIGAN**
O? /

**CHARLOTTE**
Hindi siya nag-e-SOS. /

**KAIBIGAN**
E ano?

**CHARLOTTE**

Nagpakilala.

**KAIBIGAN**
As in, sinabi niya pangalan niya?

**CHARLOTTE**
*(tatango)*

Miggs.

*Halos lalabas ng eksena si CHARLOTTE at magtutungo sa kaniyang apartment –*
*Uupo sa tapat ng bintana –*
*At makikipag-Morse code kay MIGGS.*
*Dalawang bukang bintana sa gabi, paandap-andap ang liwanag.*

Enjoy kami sa ganito.

**MIGGS**
May isang rip sa space-time akong nalimutan banggitin.

**CHARLOTTE**
Magaan sa dibdib.

**MIGGS**
In fact di ko alam ang tawag dito.

**CHARLOTTE**
Malungkot din siya. Tulad ko. Depressed. Nagme-medicate.
Pero ewan.

**MIGGS**
Alam ko lang ang pakiramdam.

**CHARLOTTE**
The mere fact na nakahanap ako ng isang tulad kong…tulad kong wala-lang.
Tulad kong multo.

**MIGGS**
And I know na space-time warp siya dahil para siyang
blackhole, / nawawala ang lahat

**CHARLOTTE**
Multo sa lungsod na ito.

**KAIBIGAN**
Nagkukuwentuhan kayo?

**CHARLOTTE**
Oo.

**MIGGS**
nai-impair ang natural chronoception mo, 'yung sense of time ng tao

**KAIBIGAN**
Nang Morse code lahat?

**CHARLOTTE**
Oo.

*Morse code.*
*Matatawa si CHARLOTTE at MIGGS, may kung-anong pinag-usapan.*

**KAIBIGAN**
De ang tagal?
Sasabihin mo lang 'Musta u?', 20 minutes.

**CHARLOTTE**
Di bale na.

**MIGGS**
Pinanganak tayong nag-iisang organismo, at mamamatay ring mag-isa.

**CHARLOTTE**
Sabi ko sa kaniya, 'pag handa na siya – at 'pag handa na 'ko –

**MIGGS**
Pero may mga moment sa buhay na parang nade-defy ang pag-iisa na 'yon.

**CHARLOTTE**
magkikita kami.

**MIGGS**
At hindi ito natural.

**CHARLOTTE**
Pareho kami lalabas ng bahay.

**MIGGS**
Hindi natural sa tao ang magka-human contact.

**CHARLOTTE**
Lalabas ng bahay at magtatagpo.

**MIGGS**
Hindi sanay ang katawan niya. Nawawalan siya ng equilibrium

**KAIBIGAN**
Pa'no 'pag chaka? 'Pag / shwanget?

**MIGGS**
Nawawala ang sense of self. Nai-infiltrate ang / barrier

**CHARLOTTE**
O e ano?

**MIGGS**
Ano ba'ng tawag sa space-time warp na ito?

**KAIBIGAN**
Nainlab sa Morse code,

kakaiba ka, Charlotte.

**MIGGS**
Weakness. Vulnerable. Puwedeng pasukin ng virus.

**CHARLOTTE**
Hindi naman ako naiinlab.

**KAIBIGAN**
Ay ewan ko sa 'yo, Charlotta Harlota. Ha ha!

**CHARLOTTE**

*Morse code.*

Siya lang ang kilala kong tao na dahil sugatan din, alam kong di ako pipiliting maghilom agad.

**MIGGS**
Ang estrangherong ito…di ko siya kilala…pero kinuha niya ang young self ko…

**CHARLOTTE**
Pareho kaming sugatan.

**MIGGS**
…at inakay niya pabalik sa wormhole…

## 14. SODOM AT GOMORA

*Sa ilalim ng tulay.*
*Madilim.*
*Basa.*
*Daga, uod, ipis.*
*Mamasa-masang mga tunog.*

*Natutulog si LUMEN sa sahig.*
*Si IGNATIUS, gising sa tabi niya, nakabantay.*

*Pagkuwan –*
*Nag-aagaw-hiningang magigising si LUMEN, inaatake –*
*Aaluhin siya ni IGNATIUS.*

**IGNATIUS**
Ssshhh. Ssshhh.
Panaginip lang 'yon.
Di naman totoo 'yon e.
Sa isip lang 'yon e.
Ssshhh.

*Bakit parang mga bata sila kung mag-usap? Parang mga karakter sa isang madilim at may-sa-bangungot na Batibot?*

**IGNATIUS**
Ano nangyari?

**LUMEN**
si Ama
si Amang Badong

**IGNATIUS**
O?

**LUMEN**
nasa loob daw siya ng itlog
tapos nabasag yung itlog
lumabas daw siya
tapos may pakpak siya

**IGNATIUS**
Parang anghel?

**LUMEN**

tapos lumipad daw siya

may espada daw sa bibig niya

hinanap niya ‘ko

tapos dumami daw siya

lahat ng ibon, siya iyon

**IGNATIUS**
*(yayakapin si LUMEN)*

Nandito ako

Hindi ka malalapitan n’un

Poprotektahan kita

Mahal na mahal ka ng kuya

Mahal ka ba ng kuya?

**LUMEN**
*(tatango)*

**IGNATIUS**
E sino ang mahal ni Lumen?

**LUMEN**

kuya

**IGNATIUS**
Sino'ng kaibigan ni Lumen?

**LUMEN**

si kuya

**IGNATIUS**
Sino'ng kakampi ni Lumen?

**LUMEN**

si kuya

**IGNATIUS**
Sino'ng kakambal na kaluluwa ni Lumen?

**LUMEN**

**IGNATIUS**
Sino?

**LUMEN**

**IGNATIUS**
Sagot ka

Bakit ayaw mo sumagot?

Alis na ‘ko?

Wala ka namang ibang kakampi e. Wala ka namang ibang kaibigan e.

**LUMEN**

meron /

**IGNATIUS**
Sino? /

**LUMEN**
yung ate sa center

**IGNATIUS**

Gusto kang ipapulis n’un e /

**LUMEN**
hindi /

**IGNATIUS**
Gusto kang ipapulis n’un /

**LUMEN**
tutulungan daw niya / ‘ko

**IGNATIUS**
E nasaan siya?

Nasaan siya ngayon?

Alam mo kung nasa’n siya?

Tumawag ng pulis para hanapin ka

Tinanong niya ‘ko,

ba’t pinatay ni Lumen si Amang Badong

**LUMEN**
*(maiiyak na parang bata)*

**IGNATIUS**
*(papanoorin ngumawngaw si Lumen)*

Wala ka naman kasing ibang kaibigan
Ako lang

Inakit kaya ako n'ung babaeng ‘yon
Gusto niya ‘ko sipingan

Parang yung mga anak ni Lot, naalala mo ‘yon?

Henesis disinuwebe

Dali, paano nga?

“Halika, painumin natin”...

Tuloy mo.

**LUMEN**

“Painumin natin ng alak ang ating ama, at tayo'y sumiping sa kaniya; upang mapalagi natin ang binhi ng ating ama. At pinainom nila ng alak ang kanilang ama ng gabing yaon: at pumasok ang panganay at sumiping sa kaniyang ama; at hindi naalaman, ng ama nang siya'y mahiga ni nang siya'y magbangon.”

**IGNATIUS**
Winasak ni Yahweh ang Sodom at Gomora
Ang natira na lang, si Lot ang dalawang anak niya
Wala nang ibang tao, ubos na ang populasiyon
Kaya, sinipingan ng mga anak ang sarili nilang ama
Masama ba ‘yun sa mata ng Diyos?

Hindi

Kasi ubos na ang mundo

Wawasakin din niya ang lungsod na ‘to

*(gagawa ng tunog-baboy, patatawanin si Lumen –*
*gagana – matatawa si Lumen)*

Tara, laro tayo!

*(hahaltakin si LUMEN patungo sa isang nagbatis na tubig-kanal –*
*kunwang mamamalakaya –)*

Huhuli ako ng maraming isda ngayon!
E ikaw?

**LUMEN**
*(tatakbo sa tubig-kanal, tititig sa rabaw ng tubig, marahang gagalaw-galaw, wari'y nakatingin sa malinis, malakristal na batis –*
*Hindi alintana ang pakunwang laro ni IGNATIUS – )*

**IGNATIUS**
*(kunwang nagkakarga ng mabigat na lambat sa bangka)*
Ito ang nahuli ko, apat! Hulaan mo anong klaseng isda 'to!

**LUMEN**
*(tutok na tutok sa pagtingin sa repleksiyon at marahang paggalaw ng bisig, hindi tumitingin kay IGNATIUS)*

ayoko

**IGNATIUS**
Bakit?

**LUMEN**
ayoko maglaro

**IGNATIUS**
Bakit?

**LUMEN**
*(gayon pa rin)*

*(pagkuwan –*
*titingin kay IGNATIUS –*
*hindi na boses-bata –*
*may nagbago –)*

masakit katawan ko

*(saka muling titingin sa kaniyang repleksiyon)*

**IGNATIUS**
Galit ka ba sa 'kin?

**LUMEN**

sabi ko masakit e
ayaw mong itigil

**IGNATIUS**

Gung gustuhin mo, masasarapan ka rin e –
Ayaw mo kasi gustuhin/

**LUMEN**
*(titingin kay IGNATIUS –*
*saka muli, sa kaniyang repleksiyon)*

**IGNATIUS**

Magkakambal ang kaluluwa natin, Lumen
Iisang tao lang tayo
Ikaw ako, ako ikaw
Di ba sabi ni Amang Badong, ikaw daw ang Tala ng Umaga?
Kung tala ka, tala rin ako
Mas gusto mo yata hindi ko na lang ginawa 'yon kay Amang Badong e
Mas gusto mo yata kay Amang Badong e
Ano?
Baka totoo 'yung sabi ni Amang Badong, Tala ng Umaga ka noon, pero ngayon, Puta ng Babylon
Sige, ayaw mo sa 'kin, d'un ka sa kaniya, gusto mo ibalik kita do'n?
HA!? BALIK KA NA SA CAMP!?
Tingnan natin!
Kala mo ba gusto ko na nasasaktan ka? Ang bobo mo naman e. Kaya ka hindi tumataas ng kulay e, ang bobo mo Ano ba'ng mahirap intindihin? Kung di tayo magkampi, papatayin nila tayo dito –
Nandu'n sa Tore – 'yung kaaway –
Ano, gusto mo makitulad sa kanila? Gusto mo mamatay? Gagawin kang patutot –
Lupain ng mga patay 'to, gumagalaw sila, pero patay na sila sa loob –
Gusto mo 'yon?!
Bakit ba ang sama-sama mo? Ginagawa ko naman lahat a.
Di naman magiging masakit kung gustuhin mo rin –

O sige,

Gantihan mo ‘ko

Halina

Gantihan mo ‘ko

Saktan mo rin ako

DALI

Ayaw mo na sa ‘kin? Di mo na ‘ko mahal? E di saktan mo rin ako

*(maghahanap ng gamit sa sahig –*
*isang dos por dos –*
*ipupuwersa ito kay LUMEN –*
*na tatanggapin ang sandata, ngunit patuloy pa ring nakatitig sa tubig-kanal)*

O ayan

Dali

Ganti ka

Ganti ka

ANO BA’NG TINITINGNAN MO DIYAN? PARA KANG TANGA A!

**LUMEN**
di na sumusunod yung repleksiyon ko sa tubig

wala na yata akong kaluluwa, umalis na sa katawan ko

dinumihan ni’yo kasi, kayo ni Amang Badong, dinumihan ni’yo ang katawan ko

**IGNATIUS**

Di mo ‘ko kayang gantihan, di mo ‘ko kayang saktan
Kasi alam mong mahal mo ‘ko
Mahal mo si Kuya /

*Hahambalusin ni LUMEN si IGNATIUS –*
*Na di makakibo sa gulat –*
*Muling hahataw si LUMEN –*
*Mabubuwal si IGNATIUS –*
*At muli –*
*HAHAMPAS SI LUMEN –*
*Saka bibitaw sa dos por dos –*
*Babalik sa repleksiyon, susubukin muli ang kaniyang repleksiyon –*

*WALA NA TALAGA.*

*Mapapatingin si LUMEN sa kaniyang kapatid.*
*Hahatakin niya ito, susubuking gisingin –*
*Wala.*
*Tatakbo siya paalis ng ilalim ng tulay.*

*Paglitaw niya –*
*Umaambon. May kulog.*
*Ngunit –*
*Bakit may nakakasilaw?*
*Bakit parang may apoy sa langit?*

**15. KAAWAY**

*Maghahawi ng kurtina si KARINA.*
*Kulay kahel ang tapon ng kalangitan.*
*Sa malayo, may nasusunog.*
*Magsusulat/guguhit siya sa kaniyang kuwaderno habang nakatunghay sa dingas.*
*(Tulad ng lagi, gagawin niya ito sa buong eksena.)*

*Bigla -*
*Bubukas ang pinto.*
*Hahangos papasok si CLAIRE, nakaitim, mag-eempake.*

**KARINA**
May sunog sa kabilang dako ng ilog. /

**CLAIRE**
Nag-umpisa na sila sa kabilang lungsod.
Tayo na'ng sunod.
Mag-empake ka na.

Magtitipon ang mga lamok sa City College.

Lulusob na sa hardin ng mga paruparo. /

**KARINA**
Sasama ka?

**CLAIRE**
Putang ina naman, Karina /

**KARINA**
'Wag. Please. Delikado.

**CLAIRE**
*(matitigilan)*

*(diring-diri)*
Napakareaksiyonaryo mo pala.

**KARINA**
Di ko alam ang ibig sabihin n'un

**CLAIRE**
Kayo – mga tulad mo – pusher – adik – ang inuubos ng Mayor, at heto ang tsansang lumaban –

Pero naduduwag ka?

Ano pa bang inhustisya'ng hinihintay mo, Karina, bago ka magmatapang?

Ilang bahagi ng Projects ang zinone, mga mag-aanak na pinagpapapatay –
Walang mabiling pagkain sa merkado – kahit bigas, nagkakaubusan na –
Wala nang mga magsasaka sa parang – lahat nagbubuhat na ng armas –

NGAYON TANGINA LALABAN AKO nang suot ang itim na damit –

walang kasarian –
walang kakilanlan

HABANG NAGUGUNAW ANG MUNDO SA PALIGID MO, KARINA, WALA KANG IBANG GINAGAWA KUNDI ITALA ANG LAHAT NG NAKIKITA MO –

ANO'NG ITATALA MO 'PAG ALIKABOK AT ABO NA LANG ANG NATITIRA?

**KARINA**

Tahimik tayo dito, Claire –
Hindi kailangang –
Di ba – Di ba –
Mag-eeleksiyon na? /

**CLAIRE**
Neoliberal /

**KARINA**
DI KO ALAM ANG IBIG SABIHIN N'UN

PARA KANG PARROT! MGA NAPULOT MONG SALITA SA KANILA!

Ikaw lang ang kaibigan ko, sa buong mundo –

Ayokong mamatay ka.

AT MAMAMATAY KA

Dahil wala naman silang tinitirang buhay /

**CLAIRE**
Tama

Papatayin nila tayong lahat

Di bale nang maging bangkay akong nakabilad sa araw kesa mamatay akong walang ginawa sa gitna ng putukan,
mamamatay akong lumalaban

Nasaan ba ang galit mo, Karina?
Di mo ba nakikita ang nakikita namin?

**KARINA**
Sino kayo? Ikaw lang ang kausap ko – sino KAYO /

SAAN KA BA PUPUNTA ANO BA’NG GAGAWIN MO

SABIHIN MO

Ano’ng gagawin mo?

Sasama ako, sige – pero ano’ng gagawin mo?

**CLAIRE**
Sinimulan na sa ibang lungsod
Tayo naman
Susunugin namin ang Tore

**KARINA**

Maraming mamamatay /

**CLAIRE**
Walang masama o mabuti sa anarkiya
Susunugin namin ang Tore at magtatayo ng bago
Isulat mo diyan sa kuwaderno mo –
Anarkiya lang ang tanging paraan
Neoliberal at opresibo ang moralidad, ang tama at mali
Walang tama at mali, mayroon lang PAGBABAGO
Susunugin namin ang Lungsod upang makapagsimulang muli

**KARINA**
Wala akong maintindihan sa mga pinagsasabi mo –

**CLAIRE**
Sisirain ang Tore at magtatayo kami ng bago –

**KARINA**
At ‘yung bagong tore, panibagong kaaway
Di ba, ganoon? Sabi ng kaibigan mo?
Kahit sino’ng nasa itaas – siya ang KALABAN

**CLAIRE**

Karina, hindi kita huhusgahan kung ayaw mong sumama,
Pero ‘wag mo ‘kong pipigilan /

**KARINA**
Malapit nang mag-eleksiyon, may kakalaban sa Mayor /

**CLAIRE**
Hindi mangyayari ang eleksiyon.
Mag-aanarkiya na.
Sasama ka o hindi?

*Patuloy sa pagsusulat si KARINA, napakabilis, puno ng kaba.*
*Tila bawat titik na iukit niya sa papel ay sugat na iniiwa niya sa kaniyang balat.*

Hindi ka namin kailangan.

**KARINA**
Puwede bang huminto
Bagalan ulit?
Pumirmi
Tumigil muna
Huminga
Tinatangay ka
Gusto kong huminto
Tumigil –!

*(ITATAPON ANG KANIYANG KUWADERNO)*

*Yayakapin ni CLAIRE si KARINA.*

Ano'ng gagawin ko?

**CLAIRE**

'Pag nagpuputukan na
sa labas,
'pag sumasabog na
ang mga gusali
sa Mariposa, 'pag
sumisigaw na
ang mga Anarkista –

Magtakip ka ng tenga.
Di mo kakayanin ang darating
na ingay.

Walang salita na makakasapol
Sa masasaksihan mong pagsabog.

Sa wakas, may
Makikita kang
Hinding-hindi mo maitatatak
D'yan sa kuwaderno mo.
Sa wakas, matitilihan ang mga kamay mo
Makakapagpahinga sila

*Kakalas si CLAIRE sa pagkakayakap, kukunin ang kuwaderno, saka iaabot ito kay KARINA.*

*Maiiwang mag-isa si KARINA –*

*Magsusulat.*

*Magkukumbulsiyon.*

**16. ANG KAPITANA**

*Kislap ng mga kamera.*
*Media coverage.*
*ANG KAPITANA, nasa press con.*

**ANG KAPITANA**
Sa aming Mayor --

Nagkalat sa mahal nating Lungsod ang inyong paramilitary at militarisadong pulisya.

Bilang tugon sa banta ng inyong dahas, ay nagbabangon na rin ang isang di-mapigilang oposisyon – na katulad ng iyong paramilitary – ay wala ring kinikilala o ginagalang na batas.

Mr. Mayor -- isinasadlak mo ang ating Lungsod sa hayag na digmaang sibil.
Ito na ang matagal ni’yo nang ibinababala at ipinantatakot sa madla -- ang kaguluhan sa Lungsod.
Dati'y wala itong katotohanan, mga haka at kathang-isip na bangungot na inimbento ni’yo para panatilihin ang inyong kapangyarihan--

Pero ngayon, nagkakatotoo na.

Mr. Mayor -- itigil na natin ang sunud-sunod na kamatayan.

Ipinananawagan ko sa inyo, at sa buong Lungsod –
Na tayo'y mag-snap elections. At inyong iatras ang inyong militarisadong pulisya.

Panawagan ko rin sa Kilusang Lamok –

'Wag.
Mahabag kayo sa bayan.
Huwag.

Ito na ang huling panawagan, at kung alinman sa dalawang panig ang hihindi sa alok naming mapayapa at demokratikong solusiyon --

Maliwanag pa sa araw –
Puputok ang digmaang bayan.
Magwawakas ang mapapayapa nating araw.

Magiging malawakang libingan
at imbakan ng mga bangkay
ang mahal nating siyudad.

HINDI DROGA
HINDI REBELYON
HINDI POLITIKA
ANG PROBLEMA, MAYOR.

SIMPLE LANG: Wala na kaming makain.

Maraming salamat.

**17. NEKROPOLIS**

*Sa ibaba –*
*Nag-uumpisa na ang panic buying – paglikas – mga pockets ng kaguluhan – sirena ng kotse ng pulisya –*
*Hindi pa sumasabog ang gulo –*
*Kumukulo pa lamang.*

*Sa isang kuwarto sa motel –*
*Si ALEX 1 at isang KASIPING, nakahiga sa kama, katatapos lamang.*

**KASIPING**
You are amusing.

**ALEX 1**

**KASIPING**
In the midst of the world ending, gusto mo lang kumantot.

**ALEX 1**

Ikaw rin naman.

**KASIPING**
But I'm not from here. I'm a Filipino with a study grant abroad.
Bukas, I'm flying back to the States.

**ALEX 1**

Wala akong pakelam sa pulitika.

**KASIPING**
What a naive, ignorant point of view.

**ALEX 1**

Sumusunod ako sa batas

Wala akong tinutuligsa sa gobyerno

Nagbabayad ako ng buwis

Ngayon ko lang hinayaan ang sarili kong makaranas ng ligaya

**KASIPING**
Sex, you mean?

**ALEX 1**
Oo.

**KASIPING**
Bakit?

Birhen ka noon?

**ALEX 1**
Hindi.

**KASIPING**
Seminarista.

**ALEX 1**
Hindi

**KASIPING**
Why do you say ngayon lang?

**ALEX 1**

Nag-alaga ako ng nanay na may kanser.
10 years.

Binigay ko ang lahat sa kaniya.

N'ung namatay siya, 'ka ko –

Malaya na 'ko.

**KASIPING**
Oh.

**ALEX 1**

May nakilala akong lalaki.

Sa ilalim ng tulay.

Binago niya ang buhay ko.

**KASIPING**
Your delayed sexual awakening?

**ALEX 1**

Oo.

**KASIPING**
So wala kang pakialam sa paligid mo?

Gusto mo lang ng sarap?

**ALEX 1**
Taga-City Hall ang lalaking ‘to.
Supporter siya ng Mayor.

Sumali nga sa mga death squad.

**KASIPING**
Yikes.
Fascist pala.

Mahilig ka sa fascist?

**ALEX 1**
Ano ‘yun?

**KASIPING**
Kampi sa mga diktador, sa mga totalitarian,
tinitigasan sa kapangyarihang militar.

**ALEX 1**
Baka.
Tinitigasan ako sa kapangyarihan.

**KASIPING**
Titi lang talaga lahat, ano?

Kapangyarihan – titi.

Awtoridad – titi.

Ano ba ang politika kundi mga lalaking naghahabulan para putulin ang titi ng isa’t isa.

So kung fascist ka –
Sang-ayon ka sa mga patayan?

Sa prinsipyo na it’s within the power of the government to dicate who gets to live and who should die?

**ALEX 1**

Hindi.

**KASIPING**
De hindi ka pala fascist?

**ALEX 1**

Pero nakakamanhid.

Araw-araw ko naman sila nakikita.

Yung mga bangkay.

Nakabalandra sa kalye.

Ba't naman ako aalma e hindi naman ako nagdodroga.

**KASIPING**

Kantot lang ang bisyo mo.

**ALEX 1**

Nakikita ko sila, pero
mata ko lang ang nakakakita.

**KASIPING**

Di ba, somewhere in there, in your heart,
sa human core mo –

Parang may mali?

**ALEX 1**

Ewan.

Mata ko lang ang nakakakita.

**KASIPING**

Pa'no na 'yan, mukhang magkakagulo. Civil war daw?

**ALEX 1**

War?

Dati pa naman nang may war.

Sa araw-araw na ginawa ng Diyos sa Lungsod na 'to, lahat ng nakakauwi sa gabi, nakakatulog sa kama, at nagigising sa susunod na araw –

Mga nag-survive ng gera.

**KASIPING**
Ano'ng tingin mo sa mga rebelde?

Sisirain daw nila ang Triumph Tower.

**ALEX 1**
Bakit nila gustong sirain 'yon, e ang ganda-ganda.

**KASIPING**

Talagang mata lang sa 'yo ang nakakakita, 'no?

Because, *crétin*,
Destruction is pleasurable.

*Papatong at hahalik kay ALEX 1.*

**ALEX 1**
Akala ko ba, magkakagera?

**KASIPING**
Sabayan natin sila.

*Sa itaas –*
*Sina MIGGS at CHARLOTTE,*
*nagmo-Morse code.*

*Hindi na kasinsaya tulad ng dati,*
*may kaba sa pagtipa ng kanilang mga light switch.*

*Mamamatay ang kuryente -*
*Kadiliman.*

*Sa dilim –*

*Tatakbo si INARA patungo kay LUMEN.*
*Yayakapin ni LUMEN si INARA.*

**INARA**
I’m so sorry I’m so sorry Pero nahanap mo ‘ko Nahanap mo ‘ko Lumen /

**LUMEN**
wala na ‘kong kaluluwa, ate
nakalabas nga ako, pero ngayon ako talaga natatakot
sinundan ko lahat ng utos ng diyos
ang gulo sa labas
wala na ‘kong kaluluwa
alis na 'ko
ate, dalhin mo 'ko sa ibang lugar
sa maraming puno
sa may ilog
wala na ‘kong kaluluwa
malulunod sa apoy ang lungsod
Sodom at Gomora
may-sakit ang lungsod
natatakan na ‘ko
wala na ‘kong kaluluwa

marka may marka na ‘ko
ang dugo, sumisigaw

*Mula sa dilim –*
*Lilitaw ang SIKOLOGO –*

**SIKOLOGO**
Inara.

**INARA**
Yes, dok?

**SIKOLOGO**
Kailangan nating lumikas

**INARA**
Ano’ng nangyari?

**SIKOLOGO**
Na-assassinate Ang Kapitana.
Masusunog na ang Lungsod.

*Screens:*
*Rewind lang nang rewind –*
*Ang asasinasyon sa Kapitana –*
*Nakuha ng kamera –*

*Tatakbo papasok ng entablado si KARINA,*
*May-dalang imposibleng tambak ng mga kuwaderno –*
*Isa roon, ginagamit niya upang magsulat –*
*Ang lahat ng isinasalaysay niya, nangyayari sa entablado –*
*Sulat lang siya nang sulat nang sulat nang sulat –*

**KARINA**
Pagmulat ng mga mata ko –
Nagkakagulo na –

*Ang Triumph Tower, na kanina’y balot sa dilim –*
*Biglang SASABOG –*
*MAGBABAGA –*

*NAGLILIYAB NA SULO SA GITNA NG LUNGSOD.*

Tumakbo ako palabas ng tenement –
Bitbit ko ang mga notebook -
Sa gitna ng kalye, nagtatakbuhan ang mga tao
N'ung una, akala ko napakataas ng araw,
'Yun pala, may siga sa gitna ng siyudad –
Ang Triumph Tower sa Distrito Mariposa,
Sumabog – Nagliyab –
Nagsigawan ang mga tao –
At n'un ko lang din nalamang pinatay pala ang Kapitana –
Dahan-dahan, pumatak ang ulan –
Sinabayan ng pagliyab ng Tore ang pagbuhos ng ulan –
Asul ng unos at pula ng apoy –
Barilan at putukan sa may malapit –
Ang mga tangke ng paramilitary at kotse't motor ng mga Lamok –
Naisip ko si Claire –
Hindi ko na siya nakita pero parang ang linaw-linaw sa isipan ko –
Ang imahen ni Claire –
Niraratrat ng bala,
Ang bangkay niya, walang kasingganda.
Matagumpay si Claire.
Nagawa niya ang sinabi niyang gagawin niya –
Nawasak nila ang Tore.
Tumakbo ako nang tumakbo –
Lahat ng makita ko, sinusulat ko –
Ginuguhit ko –
Naisip ko, ang pinakamatalinong puntahan e ang tren –
Ang tren paalis ng Lungsod –
Doon, may nasaksihan ako –
Sa gitna ng pila –
May isang babae –

*Lumilikas sina INARA, LUMEN, at ang SIKOLOGO sa gitna ng kakapalan ng mga tao –*
*Hinahabol sila ni IGNATIUS, duguan ang mukha –*

Sinubukan siyang hatakin ng isang lalaking duguan ang mukha –
Pinigilan siya n'ung kaibigan n'ung babae –
Nasapak ng lalaki 'yung kaibigan –

**IGNATIUS**
*(hatak-hatak si LUMEN; kay INARA)*
DI KA NAMIN KAILANGAN! –

**KARINA**

At sumigaw 'yung kaibigan sa dagsaan –

**INARA**
MANGGAGAHASA
MANGGAGAHASA
MANGGAGAHASA NG SARILING KAPATID!

**KARINA**
Sumugod ang kaibigan sa lalaki
At lahat ng naroon
Yung buong kumpulan ng mga taong nakapila para makasakay sa tren
Lahat sila
KINUYOG ANG LALAKI

**SIKOLOGO**
*(pinoprotektahan si LUMEN*
INARA! 'WAG! 'WAG!

*Nakisali si INARA sa karahasan –*
*Si IGNATIUS –*
*NILAMIRAT NG KUYOG –*
*Hanggang mamatay.*
*Kailangang awatin nina LUMEN at ng SIKOLOGO si INARA, at kaladkarin siya palayo.*
*Palabas ng entablado.*

**KARINA**
Tinitigan ko ang bangkay ng lalaki
Lumakas nang lumakas ang ulan –

*PARANG ULANG MULA SA LIBRO NG HENESIS –*

Nagtulakan ang mga tao
At tinangay, tinangay ng ulan at ng dagsaan ang mga kuwaderno ko

*SASABOY SA BUONG ENTABLADO ANG MGA DAHON NG MGA KUWADERNO – MATITIGMAK SA BUHOS NG ULAN.*

Naipit kami sa pagitan ng mga pulis at ng mga rebelde –
Natulak ako –
May sarili nang buhay ang pulutong –
Di ko kailangang maglakad –
TInangay ako ng mga katawang-tao –
Paakyat –
Papasok –
Hanggang –
Salamat –
Salamat –!
Nakapasok ako sa tren –
Na umandar –
Paalis –
Paalis ng
Lungsod

*Babalutin ng usok at guho ang buong tanghalan.*
*Huhupa ang linggal.*
*May helicopter sa itaas. Parang buhawi.*

*Mula sa abo –*
*Lilitaw –*

*Si CHARLOTTE,*
*akay-akay si MIGGS.*
*Magyayakap sila sa gitna ng apokalipsis.*

## 18. NECROPHILIA

*Sa motel.*
*Wasak na ang lugar.*
*Bumigay ang pader.*
*Lundo ang kisame.*
*Magigising si ALEX 1.*
*Sa tabi niya –*
*Ang kaniyang KASIPING –*
*Patay na. Nabagsakan sa ulo.*

*Tatayo si ALEX 1.*

*Darating si ALEX 2.*

**ALEX 2**
Maraming sumusuko.
Mananalo ang mga rebelde.
Nawasak nila ang Tore.
Ang Mayor, tinangay paalis ng helikopter.
Tapos na.
Nanalo ang rebolusyon.
Wasak na ang Lungsod.
Uubusin na kami.

*Sa paligid nila – putukan ng baril.*
*Maya't mayang pagsabog ng bomba.*

*Maghahalikan sila.*

*Mag-uumpisang magtalik.*

*Nang bigla –*

*Mababaril si ALEX 2 ng ligaw na bala.*

*Kasiping ni ALEX 1 ang patay na katawan ni ALEX 2.*
*Yuyugyugin niya ito. Inaalam kung buhay o patay na.*

**ALEX 1**
Pasista.

*Patuloy siyang makikipagtalik sa bangkay.*

*Sa paligid –*
*Patuloy na guguho ang Lungsod.*

*May hanging hihihip – bubugso – kalong-kalong ng ipuipo*
*ang mga dahon*
*ng kuwaderno ni KARINA.*

*Papasok ang mga taong-Lungsod –*
*Ang mga nag-survive ng Digmang Bayan –*
*At pipitasin nila sa ere ang mga pahina.*
*Babasahin ito.*
*Magbabasa sila.*
*Tutugtog sa paligid ang "Bagong Lipunan."*
*Magbabasa sila.*
*Magbabasa sila.*
*Magbabasa sila.*

*Dilim.*

**WAKAS.**